# ULOS

2004 NOBYEMBRE

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)



*ANG BAWAT LIKHANG-SINING SA ISYUNG ITO NG Ulós AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.*

*HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT MUNGKAHI AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.*

# nilalaman

**EDITORYAL** 7

**PAMBUNGAD** 10

## mga tula

**Lumaya Ka, Manggagawa** 22
*ni Ka Renato Pineda*

**Pagkamulat** 23
*ni Ka Ryan M.D.*

**Kontraktwalisasyon** 25

**Bumubukadkad na Mirasol ang Kanayunan** 26
*ni Ka Joshua Banaag*

**Magsasaka**
**( Ikaw, ang Bukid at Pulang Silangan )** 29
*ni Ka Renato Pineda*

**Ang Bukid ay Aklat ng Kasaysayan** 30
*ni Ka Renato Pineda*

**Dalit ng Mamamayan** 31
*ni Ka Liya Andaya*

**Ang Kabataan ay Pag-asa ng Bayan** 32
*ni Ka Jay Mars Jacinto*

**Tulad sa Bituin** 34
*ni Ka Jay Mars Jacinto*

**Dear Joe** 36
*ni Ka Johrel Masinagan*

**Pagbabalik** 38
*ni Ka Jay Mars Jacinto*

**Kailan pa?** 40
*ni Ka Saranggola*

## photo-essay

**MUKHA NG LIPUNAN** 42
*ni Ka Ruiz Aragones at Ka Lena Ibarra*

## salaysay

**MGA MARTIR NG SENTRONG LUNSOD** 52

**Pagpupugay kay Ka Ariel** 53

**Pagpupugay kay Ka Bern: Rebolusyonaryong Unyonista, Magiting na Pulang Mandirigma** 55

**Itanghal ang Kabayanihan ni Kasamang Helen Cabildo!** 58

## dula

**Bayani ng Daluyong** 62
*ni Ka Caloy Jacinto*

## awit

**Daluyong** 72

**Pyesta** 72

**Erap** 73

**Kontrakwalisasyon** 74

**Ako'y Magsasaka** 75

**Manong Pawikan** 76

**Manggagawa / Nagbabagang Lupa *(Salimbayan)*** 77

**Erap 'Round the Clock** 77

**Martsa ng Bayan** 79

**Panata sa Kalayaan** 79

**Walang Mang-aalipin** 81

**Awit ng Tagumpay** 81

## modyul

**Maikling Gabay sa Paggawa ng *Papier Machê Effigy* o *Higantes* na Gawa sa Papel** 84

EDITORYAL

# Pag-alabin ang diwa ng rebolusyonaryong pakikibaka sa harap ng tumitinding krisis

Matinding niyayanig ngayon ng nagdudumilat at palalang krisis pangkabuhayan, garapalang korupsyon at kabulukan ang kasalukuyang rehimeng US-Arroyo. Damang-dama ng malawak na masang Pilipino ang hagupit ng matinding kahirapan, kagutuman at karahasan na idinudulot ngayon ng krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Gayunpaman inaasahang hindi mananahimik ang mamamayan. Bagkus, sa umiigting na mapanlabang diwa ng demokratikong rebolusyon ng bayan, tiyak ding magiging mas mapang-alab, mapanglaban at mapanghimagsik ang rebolusyonaryong sining at panitikan.

Higit kailanman, dapat gamitin ngayon ang lahat ng malikhaing pamamaraan upang ibayong pag-alabin ang rebolusyonaryong diwa ng mamamayan laban sa anumang panlilinlang, pandarahas at pasistang atake ng rehimeng US-Arroyo at ng amo nitong imperyalismo sa tangkang itago ang pangunahing ugat ng talamak at napakalubhang krisis sa kabuhayan at ilayo ang mamamayan sa landas ng rebolusyon.

Sa pagkakataong ito, inaasahang makadagdag insipirasyon, gabay at aral at makapagpataas moral ang isyung ito ng ***Ulos*** sa pag-iisa at pagpapakilos ng mamamayan di lamang sa Kamaynilaan kundi sa buong bansa sa paglaban at pagpapabagsak sa rehimeng US-Arroyo.

Taglay ng isyung ito ngayon ng ***Ulos*** ang kasiglahan, kasiningan at pagpupursige ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Kamaynilaan sa gawaing pangkultura, partikular sa larangan ng sining at panitikan sa loob ng maraming taon ng pagsisikhay sa rebolusyonaryong pakikibaka. Ang pagwaksi sa mga kamalian at katatagan sa harap ng maraming unos sa buong panahon ng Ikalawang Dakilang Pagwawasto sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang muling paglakas at pagsigla laluna sa panahon ng paglaban sa rehimeng US-Estrada hanggang sa makasaysayang pagbagsak nito nuong 2001. At ang patuloy na pakikibaka laban sa walang kasing tuta at walang kasing pasista na kasalukuyang rehimeng US-Arroyo. Malinaw sa mga kasama na ang sining at panitikan ay isang makulay na porma ng dokumentasyon ng rebolusyonaryong kilusan at talaan ng pang-araw-araw na buhay-at-kamatayang pakikibaka.

Marami sa mga pyesang narito ay nahulma at nahabi sa gitna ng anti-imperyalista, antipasista at maging antipyudal na mga pagkilos sa pambansang sentrong lunsod at sa gitna ng sumusulong na armadong pakikibaka sa kanayunan. Narito ay mga halimbawa ng iba't ibang porma ng sining at panitikan na malikhaing ginamit at patuloy na ginagamit sa pang-araw-araw na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa laluna sa mga kampanyang masa. Mula sa makukulay na poster na inooperasyong-dikit sa mga pader hanggang sa paghuhulma ng naglalakihang *effigies* ng kaaway na tinatapak-tapakan at pinagliliyab sa apoy ng mga nakikibakang masa. Mula sa mga dulaang-iglap sa mga pasilyo ng paaralan, mga iskinita, basketbolan at plasa. Mula sa mga tulang binibigkas sa mga parangal, anibersaryo at iba't ibang okasyon, inilalangkap sa mga dula, sinasaliwan ng musika at sinasabayan ng mga kilos at galaw. At hanggang sa mga pamorningang konsyerto sa mga mobilisasyon. Sadyang di patatahimikin ng mga nakikibakang mamamayan ang mga naghaharing-uri mismo sa kanyang kuta hanggang sa tuluyan nitong pagbagsak.

Ang dulang ***"Daluyong"***, na piniling ilathala sa isyung ito ng ***Ulos*** ay isa sa maraming dulang labis na kinagiliwan ng malawak na masa sa panahon ng katindihan ng malawakang pakikibaka laban kay Pangulong Estrada hanggang sa maibagsak ito na tinawag na *People Power 2.*

Kung tula naman ang pag-uusapan, di biro ang sangkaterbang tulang dumating sa pamatnugutan ng ***Ulos***. Mga tulang tulad ng ***"Lumaya Ka Manggagawa"***, ***"Pagkamulat"*** at ***"Kontraktwalisasyon"*** na tributo at pampalakas damdamin para sa pakikibaka ng uring proletaryado sa gitna ng walang puknat at papatinding pandarahas at pasismo sa hanay ng manggagawa. Nariyan din ang mga tulang ***"Ang Bukid ay Aklat ng Kasaysayan"***, ***"Bumubukadkad na Mirasol ang Kanayunan"*** na may mensahe na wala nang iba pang mapagpipilian ang sambayanang naghihingalo sa matinding krisis kundi ang lumaban at magrebolusyon. Tanging nasa pagrerebolusyon lamang ang tunay na

kalutasan sa walang katapusan nilang paghihirap sa ilalim ng sistemang malakolonyal at malapyudal at sa harap ng walang patumanggang mga atake ng imperyalismo.

Syempre pa, nariyan ang mga tulang taglay ang sigla ng pinaka-aktibong sektor ng lipunan – ang kabataan sa tulang ***"Ang Kabataan ay Pag-asa ng Bayan"***. Habang ang ***"Dalit ng Mamamayan"*** at ***"Tulad sa Bituin"*** ay naglarawan naman ng kadusta-dustang kalagayan, mga pakikibaka at mithiin ng mga maralitang tagalunsod. Sila na kasama ang iba pang anakpawis na masang manggagawa at magsasaka, ay ang pinakamatindi at pinakamalupit na hinahagupit ng krisis pangkabuhayan.

Minarapat ding ihandog sa isyung ito ang isang photo-essay na inaasahang makaengganyo sa mga kasama (laluna sa mga may talento at hilig sa sining biswal) na patuloy na lumikha at humulma ng mga imahe na nagbibigay dagdag-buhay at kulay sa mga kilos protesta at pakikibaka ng masa. Anupa't halos walang pagkilos sa Kamaynilaan na di nalangkapan ng nakamamangha at matatalas na guhit at makukulay na imahe ng buhay at pakikibaka ng masa. Dahil dito sadyang inilakip sa isyung ito ng ***Ulos*** ang isang manwal sa paggawa ng mga *effigy* na nabalangkas ng mga artista ng bayan mula sa Kamaynilaan. Mga *effigy* na maaaring gamitin maging sa kapatagan, kabukiran, plasa, entablado at saan man sa kanayunan

Sa gitna ng tumitinding kahirapan at krisis, nag-iibayo ang kalupitan ng naghaharing-uri pero kaalinsabay, nag-iibayo rin ang poot at kahandaang lumaban ng masang matagal nang pinagsasamantalahan at inaapi. Nakahanda ang buong rebolusyonaryong kilusan na ubos-kayang paigtingin ang pakikibaka ng mamamayan laluna laban sa naghaharing reaksyunaryo at papet na rehimeng US-Arroyo. Sa gitna ng papatinding pagbulusok ng naghaharing sistema, nariyan ang hanay ng paparaming bilang ng mga artista at manunulat mula sa Metro Manila at iba pang kalunsuran na armado ng mga pinsel, awit at tulang may wastong mapanlabang diwa at paninindigang rebolusyonaryo, naghahatid ng tunay na kapayapaan at kalayaan:

*"Bumubukadkad na mirasol ang kanayunan*
*Kung saan nagdiriwang ang angil ng digmang bayan*
*Kung saan tumatayog ang moog ng rebolusyon*
*Kung saan magmumula ang aming pagragasa*
*Sa tarangkahan ng agnas na paghaharing imperyalista't pyudal,*
*Aalimbukay ang aming pagwawagi sa lahat ng sulok*
*At yayakapin ng liwanag ang buong kapuluan."*

(**Bumubukadkad na Mirasol ang Kanayunan** *ni Ka Joshua Banaag*)

# PAMBUNGAD



# Ang Rebolusyonaryong Gawaing Pangkultura sa Metro Manila

## *Pagsisikhay sa Wastong Landas ng Pakikibaka sa Sentrong Lunsod*

"Sa tungki ng ilong ng kaaway" – ganito kung ilarawan ang kalagayan ng pagpupunyagi ng sambayanan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Metro Manila. Sinasalamin nito, hindi ang "lakas" ng reaksyunaryong kapangyarihan, kundi ang magiting na pangingibabaw ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gitna mismo ng kuta ng reaksyon. Patunay din ito na habang puspusan ang pagtangan sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan, makakayang ibagsak ang paghaharing imperyalista't pyudal hanggang sa sentrong base ng naaagnas nitong kapangyarihan.

Mula pa noong dekada sisenta, itinanghal na ng bagong demokratikong kilusang pangkultura ang landas na dapat tahakin ng pakikibakang lunsod. Hinawan mismo ng kilusang ito ang muling pagkatatag ng Partido na puspusang itinuon ang lakas ng kilusang masa sa lunsod sa lahatang-panig na pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa. Malinaw ang tungkulin — magpunyagi sa pagbubuo ng matibay na rebolusyonaryong kilusang lihim sa bag-as ng

legal na demokratikong kilusang masa. Mula rito'y paagusin ang mga tagumpay ng pakikibakang masa sa lunsod tungo sa antipyudal na kilusan, armadong pakikibaka at pagtatayo ng moog ng rebolusyon sa kanayunan.

Sa bawat yugto ng pag-usad ng rehiyon sa ganitong direksyon, kasabay na naglingkod ang "turnilyo't granahe" ng progresibo at rebolusyonaryong sining at panitikan. Tumampok ang mga ito sa mga pag-aaral, pulong masa at higanteng aksyong masa at naging bahagi ng paaralan ng pambansa-demokratikong kilusan. Habang kasanib ang ulos ng rebolusyonaryong sining sa mga pakikibakang masang yumayanig sa kuta ng kaaway, hindi nawalan ng magigiting na kadre at aktibistang pangkulturang sumasanib sa hukbong bayan sa kanayunan.




Bahagi ng maningning na kasaysayang ito ang pamumulaklak ng mga grupong pangkultura noong dekada sisenta at sitenta. Inspirasyon ang mga likhang sining at panitikan ng mga grupong tulad ng Panday Sining, Sining Bayan, NPAA at PAKSA. Ibinandila ng kanilang mga obra ang pagpupunyagi sa demokratikong rebolusyong bayan, digmang bayan, sosyalismo, pamumuno ng proletaryado at ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka. Matapang itong sumalungat at nakapanaig kahit sa gitna ng lantarang pasismo ng estado sa panahon ng *Martial Law*.

Sa panahong ito ng pasistang diktadura higit na napaunlad ang mga dagling pagtatanghal tulad ng mga dulaang iglap at mural, at iba pang mapanlikhang obrang pampropaganda-ahitasyon. Hanggang sa ngayon ang ganitong mga porma ng sining ay patuloy na ginagamit sa mga lansangan. Gayunman, hindi rin nawala sa sining ang tuwirang paglalantad ng kabulukan ng naghaharing sistema lalo na sa panahon ng mabilis na pagkauk-ok hanggang sa tuluyang pagbagsak ng rehimeng US-Marcos. Matapos nito at hanggang sa kasalukuyan, tuluy-tuloy na napaunlad ang iba't ibang porma ng rebolusyonaryo at progresibong sining sa ubod ng demokratikong kilusang masa.

## Dekada '80

Sa kongkreto, ang gawaing pangkultura sa punong

lunsod ay muling napasigla noong 1980 matapos maorganisa ang isang grupong pangkultura sa isang distrito. Nakatulong ito sa pag-oorganisa at pagsusulong ng pakikibaka ng mga manggagawa at maralita ng komunidad. Malaki ang naiambag nito sa pagkukonsolida sa mga militante't progresibong unyon sa lokalidad. Ang kanilang mga dulang tumuligsa sa pasistang atake sa kilusang unyon at pagtatanggol sa karapatan ng mga manggagawa ay tumampok sa iba't ibang pagtitipon. Naorganisa rin ang grupo ng mga *visual artist* at nakapagbuo rin sa mga lokalidad sa ibang bayan at lunsod ng Metro Manila.

Gayunman, sa kagyat na mga taong sumunod ay naapektuhan na rin ng paglihis at pag-atras ang gawaing pangkultura sa kalunsuran bunsod ng sakit ng insureksyunismong lunsod at adbenturismo na nakapangibabaw sa rebolusyonaryong kilusan. Ang gawaing dapat sana'y naghugis nang kilusang masa ay nahinto sa hanay na lamang ng mga kadre at aktibistang pangkultura. Sa ikalawang hati ng dekada '80, ang isang grupong pangkultura ng manggagawa sa kilusang unyon ay kinaladkad ng mga nagtaksil na pangkat ni Popoy Lagman sa pagpapalaganap ng maling linya ng "sosyalistang rebolusyon". Bunsod ng liberalismo't ultrademokrasya, tuluy-tuloy nang nasindihan ang iba't ibang petiburges na kahinaan sa hanay ng mga indibidwal at grupo sa kultura. Nalayo ang maraming mga kasama sa kilusang masa at narahuyo sa malalaking produksyong nakalutang o lihis ang linya at kumain ng malalaking rekurso na nagbukas ng puwang sa oportunismo.

Sa tanglaw at inspirasyon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, muling naibalik sa tamang landas at nailinaw ang papel ng progresibo't rebolusyonaryong kultura sa pakikibaka sa kalunsuran at sa buong rebolusyonaryong kilusan. Masugid na tumugon ang mga matwid na kadre at aktibista sa pagbabalik-aral sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo, pagpuna sa sariling kahinaan at pagbabalik sa masikhay na gawaing masa. Sa larangan ng kultura, muling ikinintal ang mga aral ng sulatin ng Tagapangulong Mao Zedong tulad ng ***"Yenan Porum"*** at maraming sulatin ni kasamang Jose Maria Sison. Ito ang naging pundasyon sa muling pagbwelo ng pag-oorganisa ng mga grupong pangkultura sa hanay ng batayang masa at petiburgesya sa kalunsuran.

Pinagsumikapan ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ng Metro Manila na pangibabawan ang masalimuot na proseso ng muling pagsigla sa larangang ito. Ang Partido sa Metro Manila mismo

ay nagsumikap na maitayo ang malakas na makinarya sa gawaing kultura mula sa *Task Force* noong 1993 tungo sa Kawanihan sa Kultura. Hanggang 1997-98, hinarap ang puspusang pag-abot at paglilinaw sa mga kakayanin pang makaisang aktibista, kadre, alyado at kaibigan sa kultura, pagbubuo ng mga bagong grupo at hayag na sentrong alyansang pangkultura. Sinimulan noong 1995 ang programa sa integrasyon sa masa at kilusan sa kanayunan at may kung ilan na rin ang nagpatalaga sa buong-panahong pagkilos doon. Samantala, higit na marami ang nagpatalaga sa gawaing masa at kultura sa mga lokalidad ng Metro Manila.

Mahalagang papel ang ginampanan ng mga rebolusyonaryo at progresibong akdang pansining at gawaing pangkultura sa pagdidiin ng mga aral ng Kilusang Pagwawasto. Sa mga pakikibaka't mobilisasyong masa, hindi lamang kasiya-siya ngunit edukasyon din ang inihatid ng mga dula, awit, sayaw, mural at eksibit at iba pang likhang sining. Ang pagsulong sa mga unang taon ng dekada '90 at ang mga aral sa nakaraan ang mayamang karanasang nilagom sa binalangkas na oryentasyon sa rebolusyonaryong gawaing pangkultura sa rehiyon at pagbubuo ng ARMAS ( Artista at Manunulat ng Sambayanan) noong 1998.

Ito rin ang tanghalang muling pinagsibulan ng mga bagong likhang sining at panitikan na higit pang magkikintal sa kahalagahan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa sentrong lunsod.



## Dulaang Bayan

Dahil narito ang luklukan ng kapangyarihang pampulitika ng reaksyon, nasa Metro Manila rin ang pinakamabangis na aparatong pangkultura ng imperyalismo at magkasanib na diktadura ng uring burges komprador at panginoong maylupa. Katuwang ng imperyalismo ang simbahang Katoliko sa pagpapalaganap ng haluang burges, kolonyal at midyebal na kultura at ideolohiya na sumasalamin sa lipunang malakolonyal at malapyudal.

Subalit ang malakas na agos ng atrasado at dekadenteng kulturang ito'y puspusang sinasagupa ng rebolusyonaryong pagbabangon ng mamamayan sa kalunsuran. Kaugnay nito, ang sining ng nakikibakang mamamayan ay tumitindig laban sa agos at hakbang-hakbang na sumusulong.

Makabuluhan ang naiambag ng mga progresibong alyansa at organisasyon sa kultura sa pamamagitan ng serye ng mga palihan sa sining na inilunsad sa pagpupundar ng kilusang pangkultura sa maraming bayan at syudad sa kalunsuran. Instrumental ang mga pagsasanay na ito sa pagsulputan ng mga bagong grupong pangkultura sa hanay ng manggagawa, maralita sa komunidad at iskwelahan. Lumahok din ang ilang mga tradisyunal na grupong pangkultura sa iba't ibang lokalidad at nakabig ang suporta maging ng mga propesyunal na artista at manunulat. Ang mga likhang-sining na produkto ng mga palihan ay karaniwan nang nagagamit sa mga pakikibakang masa. Ang mga grupong nabuo mula rito ay nakapagtanghal na rin sa mga rehiyunal at pambansang pagkilos. Noong 1998, isang programang tinawag na ***"Lakbay Sining"*** ang lumibot sa iba't ibang bayan at syudad upang maglunsad ng magkakapanabay na aktibidad ng pagsasanay at pagtatanghal. Marami na ring palihan sa ibang rehiyon ang pinangunahan ng mga kadre't aktibista sa kultura mula sa Metro Manila.



Resulta ng mga palihang ito ang paglalabas ng mga progresibong grupo at indibidwal ng manwal sa pagsasanay na magagamit sa pagsustini sa pang-artistikong gawain ng mga grupo sa kultura. Sa ngayon ay nagagamit sa mga palihan ang Manwal sa Dulaang Improbisasyon, Manwal sa Sining Biswal at Paggawa ng *Effigy* at mga modyul ng Teatrong Pambata at Malikhaing Kilos at Galaw.

Ang progresibong dulaan at sining biswal ang mga pangunahing tumampok sa muling pagbwelo ng gawaing pangkultura ng mga kasama ng rehiyon. Di kasi nama'y kalakhan ng mga kadre at aktibista na nagpanimula nito sa maagang bahagi ng rektipikasyon ay galing sa ganitong larangan ng sining. Gayunman, mahigpit na kalakip ang mga awitin sa mga dulang sinasaliwan ng interpretasyong kilos-galaw. Sa paglikha ng dula, karaniwan nang praktika ang pagpili ng mga kantang popular sa pambansa-demokratikong kilusan o mga bagong nalilikha upang ihabi sa daloy ng kwento.

Ganito ang katangian ng dulang may pamagat na ***"Breaktime"*** na ginamit sa pagpapatampok ng mga aral ng kilusang pagwawasto sa hanay ng progresibo't

rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Ang mga diyalogo'y naglahad ng pangangailangang pagpunyagian ng manggagawa ang pagbaka sa sakit ng ekonomismo at insureksyunismo at manindigan sa anti-imperyalista at militanteng unyonismo. Itinampok sa dulang ito ang mga awitin ng kilusang pagwawasto tulad ng ***"Muli"*** at ***"Tunggalian ng Uri"***.

Lakip sa isyung ito ng ***Ulos*** ang isa pang dulang gumagamit ng porma ng *music theater*. Ang ***"Bayani ng Daluyong"*** ay dulang ginamit sa paglilinaw ng papel ng demokratikong kilusang masa sa pangunguna ng anakpawis sa matagumpay na pagpapabagsak sa rehimeng US-Estrada. Nilaman din nito ang panawagan sa pagsusulong ng adyenda ng mamamayan.

Sa kilusan ng maralita ng lunsod, naging taunang okasyon ang isang pangkulturang mobilisasyong masa tuwing Semana Santa. Tinawag na ***"Kalbaryo ng Maralitang Tagalunsod"***, ang dulang panlasangang ito ay umunlad mula sa mga organisasyong pang-komunidad tungo sa malakihang pagkilos na multi-sektoral at tinawag na ***"Kalbaryo ng Sambayanan"***. Hindi nakaligtas sa pagtatanghal na ito ang paglalantad sa lansakang pagkapapet at anti-mamamayan ng magkakasunod na rehimeng Ramos, Estrada at Arroyo. Pinakamalaki sa produksyong ito ang naganap noong pagsikad ng panawagan at hanggang sa pagpapatalsik sa Rehimeng US-Estrada noong 2001, at kampanya laban sa pagpapakatuta ng rehimeng Arroyo sa digmang agresyon ng Imperyalismong US laban sa Iraq noong nakaraang taon. Bukod sa pagtatanghal sa pangkabuuang mobilisasyong ***"Kalbaryo"***, may kakumbinang pagtatanghal din ang mga lokal na grupong pangkultura na lumilibot sa kanilang mga lokalidad.



Sa ***"Kalbaryo"*** ang tradisyunal na porma ng Senakulo at Moriones ay nilalakipan ng progresibong nilalaman. Ang paghihirap ni Kristo ay sinalamin ng anakpawis at maralita bilang mga Bagong Kristo. Ang Imperyalismong US ang bagong Pilato, ang mga papet na rehimen ang Herodes, ang mga Saserdote ang uring Komprador at Panginoong maylupa, at ang reaksyunaryong hukbo ang mga bagong Senturyon. Naglantad ito sa kalagayang busabos at kaapihan ng mamamayan. Samantala, ang resureksyon ni Kristo ay

isinasakonteksto sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong solusyon upang wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistemang pasang-krus ng sambayanan. Nagiging pleksible ang katangian ng iskrip depende sa mga napapanahong isyu at partikular na kalagayan sa pagpapalit ng mga papet na rehimen. Dahil sa lansangan at sa malaking rali ginaganap, ang diyalogo na karaniwang sa porma ng tula ay sabayang binibigkas ng isang koro. Isang grupo naman ng mga artista ang gumagawa ng interpretasyon nito sa pag-arte at kilos-galaw. Malaking atraksyon at epektibong propaganda din ang mga *effigy*, higanteng papet at malalaking maskara na ginagamit sa pagtatanghal.

Mula sa dating pagkahumaling sa "malakihang produksyon", ibinalik ang direksyon ng sining patungo sa masa. Patuloy na napaunlad ang pagtatanghal ng mga iskit, isahang-yugto maging mahahabang dula na lumilibot sa mga komunidad, piketlayn at pabrika, mga iskwelahan at iba't ibang pagtitipon o tinatawag na *mobile theater*. Ganito ang katangian ng dulang ***"Sentenaryo"*** hinggil sa rebolusyong 1896 ng grupong pangkultura ng mga manggagawa sa Timog Kamaynilaan. Nailibot din ang mga dulang ***"Tingga sa Kumakampay Kong Diwa"*** hinggil sa pasismo ng estado at ***"Konsensya"*** hinggil sa Balikatan. Tradisyon na rin ng makabayang teatro sa kilusang lunsod ang mga dulaang iglap sa mga mobilisasyong masa tulad ng naganap sa ***"Lakbayan ng Mamamayan"*** noong 1997.

Hindi rin mawawala ang mga higanteng *effigy* na karaniwang may tampok na papel sa programa ng mga malalaking pagkilos sa Metro Manila. Dahil madalas na ang nakaluklok na rehimen o mga naghaharing uri ang isinasalarawan sa mga *effigy*, mabilis at mapanlikhang naipapakita sa mamamayan ang kahayupan ng mga kaaway sa uri. Sa karaniwang ritwal ng pagsusunog sa mga imaheng ito sa mga rali na buong-alab na nilalahukan ng mamamayan, patuloy na napag-aalab ang kanilang mapanlabang diwa. Malinaw na naipapakita na kayang pagpunyagian sa sama-samang paglaban ang pagpapabagsak sa naghaharing sistema at mga uring kumakatawan dito. Sa lakas ng mga imaheng ito, ibinalada maging sa burges na masmidya ang ***"Erapzilla"*** at ***"Gloriang Anay"***. Sa isang *effigy* ng buwayang nilikha mula sa pinagkabit-kabit na bangka, malawak ang naabot ng propaganda sa mga naninirahan sa tabing-ilog. Naglayag ito sa Pasig River upang ipaliwanag ang makadayuhang programa ng *Pasig River Rehabilitation Project* at ang kaakibat na demolisyon sa maralitang komunidad.

Nariyan din ang mga mural na sumusuma sa mga tema ng iba't ibang inilulunsad na aktibidad at demonstrasyon. Kasama din ang mga poster na may matatapang na dibuho o larawan. Ang pagpapaunlad sa paggamit ng komiks bilang popular na midyum, ay pinasisigla na rin.

Ang mga *gallery* na dominado ng kulturang "sining para sa sining lamang" ay pinagsikapan ding gawing tanghalan ng bagong demokratikong kultura. Ilang eksibit na rin ng mga *painting* ang nailunsad sa ganitong mga lugar sa pangunguna ng progresibong grupo ng mga *visual artist*. Maging ang burges na masmidya, sa ilang pagkakataon ay kumilala hindi lamang sa husay ng porma ng mga eksibisyon, kundi maging sa makauring nilalaman ng mga ito. Nadadala rin ang mga *painting* sa mga pagtitipong masa gaya halimbawa sa isang programa na ***"Lakbay Sining"***. Marami ring mga pulong masa na nilalakipan ng mga *photo exhibit* kaugnay sa mga isyung tinatalakay sa pulong. Dagdag dito, patuloy na umuunlad ang porma ng realismong sosyal sa pagtuklas ng iba't ibang epektibong paglalarawan at simbolismo sa mga panawagan ng progresibo at rebolusyonaryong kilusan.

Sa kabilang banda, malaki pa ang kinakailangang pagpapaunlad ng rebolusyonaryo at progresibong mga awitin at akdang pampanitikan sa punong lunsod. Itutulak ito ng masigla't maramihang pagsasanay sa paglikha ng mga bagong katha.

Kalakhan ng mga awiting naitatanghal sa mga dula ay mga dati nang komposisyong popular o mga bagong kathang mula sa mga grupong kultura sa labas ng saklaw ng Partido sa Metro Manila. Sa ngayon, sumisigla na ang kilusan sa hanay ng mga banda at indibidwal na musikero. Pana-panahong itinatanghal ang mga progresibong awitin ng mga musikerong ito sa mga konsyertong bahagi ng mga kampanyang masa sa punong lunsod.

Nariyan din ang mga pasisikap sa pagpapaunlad sa mga awitin at akdang pampanitikan. Noong kalagitnaan hanggang ikalawang hati ng dekada '90, inilabas ang *tape* ng ***"Sumulong ka Anakpawis"***, isang koleksyon ng mga popular na awitin ng pambansa-demokratikong kilusan. Isang *songbook* din ng mga kantang ginamit sa Lakbayan ng 1997 ang ipinamahagi sa masa upang hikayating balikan o aralin ang mga awit at sumabay sa pagkanta nito sa mga programa ng ilang araw na demonstrasyon. May mga bago ring nalikhang komposisyon mula sa mga dulang naitanghal o sa mga hiwa-hiwalay na pagsisikap yamang hindi masinop na natipon ang mga ito sa isang *compilation* at *recordings*. May mga awit ding popular sa burges na masmidya ang nilakipan ng progresibong nilalaman at inaawit sa mga dula o hiwalay na pagtitipon.

Hindi mawawala ang mga tula't kwentong iniluluwal mula sa pakikibaka ng mga sektoral na organisasyong masa. Sa katunayan, kahanga-hanga ang sigasig ng isang kasama sa kanyang koleksyon ng

daan-daang tulang nagtataliba sa rebolusyonaryong diwa ng uring anakpawis.

Samantala'y habang hindi pa nahaharap ang pangkalahatang pag-oorganisa sa hanay ng mga manunulat, napasimulan na ito sa isang syudad sa pagbuo ng *network* ng mga kabataang makata. Nagamit dito ang puwang sa *internet* upang mapasaklaw ang nakakabig na manunulat at naaabot ng propaganda. Nakapaglabas na rin ito ng mga koleksyon ng tulang progresibo at patriyotiko.



Ang paggamit sa potensyal ng pormang awdyo-biswal ay sinimulan na ring pasiglahin at palaganapin sa edukasyon, propaganda at pag-oorganisa. Tumampok ang produksyong *video* na ginamit sa kampanyang edukasyon para sa P125 dagdag na sahod at pagtatanggol sa demokratikong karapatan ng mga manggagawa. Sumunod na lumabas naman sa okasyon ng paggunita sa Araw ng Paggawa ang maikling dokumentaryo hinggil sa kawastuhan ng pakikibaka ng mamamayan para sa pagbabago na pinagtulung-tulungan ng mga estudyante sa isang unibersidad at ng isang progresibong grupo sa *video*.

Mulat sa tungkuling paunlarin ang nagkakaisang prente, pinagsumikapan ng mga kadre't aktibista sa kultura ang pakikipagkaisa sa mga grupong pangkultura at indibiwal na artistang handang makiisa sa pambansa-demokratikong kilusan. Tumindig ang alyansa batay sa iba't ibang isyu tulad ng KALAG-VFA, Kontra Busal, *Artists for Peace* at ASAR@Erap. Sa iba't ibang porma at antas, nakatulong ang mga alyansang ito sa pagtatambol ng mga panawagan ng kilusan at pagpapasaklaw ng kaisahan ng mga mamamayan sa pagtunggali sa mga anti-demokratikong programa ng reaksyunaryong estado.

## Tungo sa Ibayong Pagsigla

Hangga't tumatahak sa wastong landas ang pakikibakang lunsod, ang rebolusyonaryong kilusan sa Metro Manila at ang kaakibat nitong kilusang pangkultura ay patuloy na uunlad. Hindi magmamaliw ang layunin nitong padaluyin ang suporta sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Si Kasamang Helen Cabildo ay kasapi ng Partido at kadre sa gawaing pangkultura sa rehiyon bago nagpasyang buong panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan. Namatay siya

sa sakit sa gitna ng pag-aalay bilang pulang mandirigma at hukbong pangkultura. Siya at ang iba pang katulad na artista't manunulat at ang dumaraming nakikibakang mamamayan ang mga tunay na musa ng rebolusyonaryong sining at kultura. Sila ang buong sigasig na haharana sa araw ng pagkubkob ng sentrong luklukan ng kaaway at sa pagbubukas ng bagong kabanata sa mapulang hinaharap ng mamamayang Pilipino.

---

** Ang mga katagang "Sa tungki ng ilong ng kaaway" ay tumutukoy sa sitwasyong nalilinlang at nakakapanaig tayo sa teritoryo ng kaaway. Ginamit din itong pamagat ng isang librong nailatahala noong 1988 bilang pagkilala sa rebolusyonaryong paglilingkod ni Kasamang Cesar Lacara.*



tula



# Lumaya Ka, Manggagawa

*ni Ka Renato Pineda*

Sumusulong ang lipunan sa alon ng kaunlaran
Dahil sa lakas mo't mapanlikhang kaisipan
Mula sa kamaong matitigas lumitaw ang kabihasnan
Daigdig na dati'y hubad, hinubog mo't binihisan
Ng mga tulay at kalsada, paaralan, pagawaan
Mga bayan at lunsod, maunlad na pamayanan
Sumibol sa pawis mo, o haligi ng lipunan!

Ang Kongreso at Senado, palasyo ng Malakanyang
Nang itayo ng lakas mo'y di mo alam na hantungan
Ng pagkutya sa uri mo ng mga ganid na dayuhan
Negosyante't asenderong ang sandata ay kapital
Pambayad sa iyong lakas, talino at kabataan
Hanggang uban ng iyong buhok, iaanak ng katandaan!

Katulad mo ay ang ibong walang punong mahimlayan
Isang musmos na ulilang ang hanap ay pagmamahal
O, ikaw ay isang ama ang anak ay nagliliyag
Kayakap ng asawa mo sa buhay na walang bukas
O, ikaw ay binata at dalagang nangangarap
Naglulubid ng pag-asang kailanman ay di magaganap
Pagkat ika'y manggagawang busabos ng kahirapan!

Ihasa mo ang iyong tabak, sandata ng kasaysayan
Makibaka sa uring naghahari sa lipunan
Palayain mo ang sarili sa gapos ng kamangmangan
At humakbang sa sosyalistang sistemang panlipunan
Palayain mo ang sarili, palayain mo ang bayan
Sa sabwatan ng estado, sabwatan ng imperyalismo at kapital.

*Setyembre 15, 2003*
*Central Luzon*

# Pagkamulat

*ni Ka Ryan M.D.*

Ako ay ipinanganak na maralita,
Ng isang nagmula sa uring manggagawa;

Pinalaki't hinubog na ang kaisipan
Ay burges ang pag-iisip at katangian;

Isang pagkakamaling noo'y di ko alam,
At lubos kong inakalang nararapat lang;

Isang pagkakamaling di ko iwinasto,
Sapagkat hindi ko pa alam ang totoo;

Paglipas ng panahon sa aking paglaki,
Umusbong sa 'kin kaisipang mapanuri;

Hinanap ang sagot sa bawat katanungan,
Naghagilap at nangalap ng kaalaman;

Subalit ang lahat ng ito'y sadyang kulang,
Aking kamangmangan ay di pa rin maibsan;

Sapagkat ako'y uhaw sa katotohanan,
At ako'y  lubhang gutom sa kaliwanagan;

Kahit na anong gawin di pa rin malirip,
Ang lubos na magpapalaya sa 'king isip;

Para akong nakaharap sa blankong pader,
Mistulang isa akong barko na walang pier;





Ngunit isang araw ay may taong nagbalik,
Siya ay ang aking kaibigan na matalik;

Dala-dala n'ya ang matagal ko nang hanap,
Ang katotohanang noon ko pa pangarap;

Ako'y naliwanagan isip ko'y nabuksan,
Tunay na napalaya ang aking isipan;

Aking nabatid ang tunay na kalagayan,
Ng masang Pilipino at ng inang bayan;

Tunay na napukaw damdaming makabayan,
At umusbong proletaryong kaisipan;

Ngayon ako'y nakikiisa at kasama
Sa pagsusulong ng karapatan ng masa;

Ipaglalaban ang masa at itong bayan
Sa lahat ng laban lalo na sa digmaan

Nakintal na sa aking puso at isipan,
Mithiing makamit lantay na kalayaan;

Sa puso ko'y bitbit prinsipyong sosyalismo
At aking yakap ang prinsipyong komunismo;

Kaisipang MLM ang aking sandata,
At sandigan ko ay ang malawak na masa;

Sugod mga kasama, patuloy ang laban!
Sulong, demokratikong rebolusyong bayan!

# Kontraktwalisasyon




Kami'y manggagawa sa pabrika
Laging pumapasok nang maaga
Lakas nami'y buhos sa paggawa
Pagod at hirap di alintana

Ngunit ang trabaho'y may kontrata
Sa anim na buwan ay tapos na
Kailangang maghanap ng iba
Kung hindi gutom ang pamilya

Kontraktwalisasyon ay tutulan
Mga manggagawa ay lumaban
Huwag matakot sa karahasan
Buong tatag tayong manindigan.

## Bumubukadkad na Mirasol ang Kanayunan

*ni Ka Joshua Banaag*

Sa bawat ugat na mamaga sa binti
Ng mga magsasakang buong-sipag na naghasik ng binhi
Daang-libo, milyun-milyong sibol ang
Maglalantad sa malawak na kaparangan
At tutudla sa mga matang nahimbing
Nang matagal na panahon
Upang makitang nakatanghod lamang pala
Ang mga nagpagod sa berde at ginintuang punla ng buhay

Sa bawat pawis at dugong tumulo
Sa pagal na katawan
Ng mga manggagawang
Maghapong inanghit sa pagbabanat ng buto
Ay talaksang alon at buhawi ang magmumula
Sa mga pabrika
Upang yanigin ang mga utak na daantaong ibinuro
At makitang sila ma'y nakapila
Sa mahabang prusisyon
Ng mga Kristong nagtayo ng mga templo
Subalit ginawang pulutan sa piging
Ng mga panginoon

Sa bawat bahay ng posporong
Pilit ginagawang tahanan
Balada ng kalawanging yero, tablang gapok
At libaging karton
Siya naming paraiso sa estero, tabing riles at tambakan
Paraiso ng mga batang pinatanda sa gutom at rusing,
Ng mga inang taghoy ang oyayi
At mga amang hapis ang pasalubong sa pag-uwi,
Ng mga matatandang di na maalala kung may
Sagana pang pagkabata
Hayaang ipaamoy ang sangsang ng aming dalit
Upang sa paulit-ulit na pagwasak sa aming Eden
Ay sumirit ang mga dugong minanhid ng takot

Pagkat…
Sinong makakatiis sa busabos na buhay
Nakahandusay na sa hirap, ibinaon pa sa hukay?
Sinong makakatagal nang hindi nagtatanong
Yamang mula sa aming bisig, ano’t kami’y naghihikahos?
Sinong maniniwala na ito’y aming kapalaran
Sa amin ang mabuting gawa
Ang mga hari ang nagpapasasa?
Hindi ito tadhana, kundi sadyang pagsasamantala!
Sinong makakapagtimpi at hindi mag-aaklas
Kung ang tore ng mga hari’y itinayo
Sa aming laman. Buto. Pawis. Luha’t dugo?
Sa amin ang dahilang magtanong!
Sa amin ang katwirang magalit!
Sa amin ang tungkuling kumilos!
Bumubukadkad na mirasol ang kanayunan
Kung saan nagdiriwang ang angil ng digmang bayan
Kung saan tumatayog ang moog ng rebolusyon
Kung saan magmumula ang aming pagragasa
Sa tarangkahan ng agnas na paghaharing imperyalista’t pyudal,
Aalimbukay ang aming pagwawagi sa lahat ng sulok
At yayakapin ng liwanag ang buong kapuluan.

Pagkat…
Bumubukadkad na mirasol ang kanayunan,
Hindi habambuhay na harana
Sa mga lunsod at parang ay tagulaylay.
Makinig sa dumadagundong na martsa
Ng aming pagkakawil-bisig.
Maso ang tatag ng paninindigan at sumpa ng pag-aalay
Karit ang ngiti ng buwan na tumatanglaw
Sa hukbu-hukbo naming paglalakbay
Palabas sa bunganga ng halimaw.
Doon kung saan kami’y naghahanda
Nagpapalakas…nagpapatatag.



Bumubukadkad na mirasol ang kanayunan,
Doon kung saan ang bawat hakbang nami'y
Tiyak na hakbang sa tagumpay
Pagkat lagi't laging tangan ang aral ng kasaysayan.
Doon kung saan ang lupa'y
Kumadrona ng milyun-milyong mandirigma,
Bastyon ng aming depensa at pagsalakay
Doon kung saan
Unti-unting tinagpas ang lupit ng kaaway,
Habang sa mga baya'y walang humpay ang
Alon ng mga yabag at kuyom na kamao,
Matyagang naghihintay sa araw ng paniningil.


Bumubukadkad na mirasol ang kanayunan,
Kung saan itinitindig ng masa ang pulang kapangyarihan
Kung saan muling iginuguhit ng manggagawa't magsasaka
Ang kanyang dangal,
At inaasinta ng buong bayan
Nang may katiyakan ang kalayaan.



# Magsasaka

## *( Ikaw, ang Bukid at Pulang Silangan )*

*ni Ka Renato Pineda*



Pagsikat ng araw sa pulang silangan
Banaag ko na anyo mo sa parang
Ang mga bukiring dati-rati'y tigang
Sa dunong mo't lakas naging luntian!

Tulad mo'y si bunsong laging dinarama
Ang init ng dibdib ng butihing ina
At sa iyong pangingisda sa ilog at sapa
Ang inaani mo'y handog niyang biyaya!

Ang araw paghimlay sa tagong kanluran
Sinusulyapan mo't pinag-aaralan
Lihim na mensahe ng kanyang pagdatal
At luhang iniwan sa kanyang pagpanaw.

Bakas ng kahapon di pa nalayuan
Sa mura mong isip sumanib, nakintal
Ang huling habilin ni kuya at ama
Nang sila'y masawi sa pakikibaka.
Ang lupang bukirin iyong pagyamanin
At ipagtanggol mo sa uring salarin
Pag ito'y inagaw, muli mong bawiin
Buhay ma'y maputi, sa abang layunin.

Ang bukid, ikaw at pulang silangan
Sagisag ng uri at buong labanan
Uring magsasaka, bukid na luntian
Dapat nang lumaya, sa muling pagsikat
Ng bukang liwayway!

# Ang Bukid ay Aklat ng Kasaysayan

*ni Ka Renato Pineda*



Kay sarap pakinggan ang awit sa bukid
Na likha ng hangin, huni ng kuliglig
Pulutong ng maya, daan-daang pipit
At kung kasabay ng agos ng tubig sa batis
Wari'y sa paraiso, ikaw ay iidlip.

Kay gandang pagmasdan bukid na luntian
Na pinatubigan ng pawis mo't luha
Pagkat dito binuo munti mong pangarap
Na maging iyo lupang sinasaka
Nang kabuhayan mo'y kagyat guminhawa!

Dito rin malimit umapaw ang tuwa
Kapag sumasayaw na mga gintong uhay
At ano mang pagod ng santaong paggawa
Mangingibabaw din nilikha mong tula
Na araw at gabing sambit ng hangin at lupa!

Dito rin nalugmok ninunong dakila
Nang minsang gumibik ang uri at lupa
Na ipagtanggol ang hinhin at ganda
Sa dayuhang hayok at mapagsamantala
Kaya luntiang bukid sa dugo'y natigmak.

O, luntiang bukid, isa kang hiwaga
Sa aming magbubukid ay butihing ina
Wari'y karugtong ka ng pusod ng buhay
Na sa panahon ay masarili ka!

# Dalit ng Mamamayan

*ni Ka Liya Andaya*

Sa dukha'y iniatas
Gantihan ng tinapay
Ang pumukol ng bato.

At mahabang panahon
Tumalima sa utos.
Ngunit ano at bakit
Ang dukha'y dukha pa rin
At ang mayaman ay iilan?


Salit ang araw-gabi
Bilang saksi ng digma:
Naipon ang tinapay
Sa kamalig ng sukab
At bato ang sa dampa.

Sapagkat sa lukbutan
Nasaid at naubos
Ang imbak na tinapay.
Kung kaya ipunukol
Ang natipon na bato
Sa tuso at gahaman.



# Ang Kabataan ay Pag-asa ng Bayan

*ni Ka Jay Mars Jacinto*



Ang binaril sa bagumbayan ang nagsabi
Na ang kabataan
Ang pag-asa ng bayan.

Kabataan, totoo ba?

Ika'y kabataan,
Ngunit taliwas sa kanyang kagustuhan
Ang landas na iyong tinatahak.
Kung siya'y nagtiis at lumuha lamang
Ika'y sumisigaw at lumalaban
Tulad sa yumaong si Andres.
Sapagkat batid mong ang pagluha
Sa makaharing reporma'y parang pag-asam
Na mananaog ang tala sa lupa.

Kabataan, ika'y pag-asa ng bayan.

Ika'y hindi umaawit, hindi sumasayaw,
hindi tumatango o tumutungo,
Hindi tumatawa at hindi lumulunok ng kagustuhan
Ng dayuhan at ng palasyo.
Wala ka sa kwarto ng kanilang paaralan
ni sa kanilang tanggapan.
Hindi nagpupunas ng kanilang makikinis na paanan
ni kumakaway sa kanilang maluwag na daraanan.

Kabataan, ika'y pag-asa ng bayan.

Ika'y napapalo ng batuta ng mga pasista,
Nakukulong kahit walang kasalanan,
Nadudulas o gumugulong sa kabundukan,
Tinatamaan ng bala at napapaslang.
Dahil ika'y nagpapaampon sa welga ng manggagawa't
Nagmumulat sa kanila,
Pumupukol ng dumi ng palasyo
Habang ang kamao'y nakasuntok sa langit,
At kumakalabit sa sandata
Ng mga magsasaka, nagtuturo na
ang pagbawi ng lupa'y paglaya.

Sa binubusabos na bayan, kung ganito nga,
Totoong ang kabataan ay Pag-asa.



# Tulad sa Bituin

*ni  Ka Jay Mars Jacinto*



Tayo ang naghawan ng damo't
Nagpatag ng lupa
Nagtayo ng bahay
Ngunit tayo ngayo'y layak ng kalsada.
Mga manlilimos, mga nababaliw,
Mga galang kaluluwa.

Noo'y wala na ngang trabaho
Winasak pa ang ating dampa't
Pinalayas sa lupa.
Kaylupit. Kulang na lang ihanay
Tayo at piringan ang mga mata
At paputukan ng armalayt!

Noo'y unti-unti pinapatay tayo
Ng kasalatan
Sa matataas na bilihin, ang sakit
Ay hinahayaan nating
Kusang lumayas sa ating katawan
At sikmura'y pinipilit masanay sa wala.

Bakit ganon?

Kay layo na ng lahat sa amin:
Paaralan, ospital, tubig, kuryente,
Damit, trabaho, pagkain,
At ngayo'y lupang kakanlong
Sa aming dampa, himlayan
Ng aming pagal na katawan
Tenga ng aming bukam-bibig na pangarap.

Tingnan n'yo ngayon. Nakabakod
Ang mga lumang yero
At sa labas, sa itaas ng bantay
Na may baril, nakapaskil:
Pribadong pag-aari.
Bawal pumasok,
Ang lumabag ay paparusahan.

Kami'y ilang libong pamilya
Na kinupkop ng lupa.
Ngayo'y isang kapitalista
Ang umaangkin sa sandaang ektarya.

Tulad sa bituin na ang lupa.
Pwedeng tanawin,
Kailan kaya mapapasaamin?

Ang gobyerno?
Tauhan niya ang dumahas, namalo,
Nanuntok, namaril, pumatay at nagwasak
Sa lahat. Sa lahat!

Totoo. Sino bang magnanakaw
Sa kaban ng bayan
Ang hindi kikilos sa suhol?

Sino ba ang hindi magrerebelde
Sa ganyang gubyerno?



# Dear Joe

*ni Ka Johrel Masinagan*



Break na tayo
Hindi mo ito magugustuhan
Pero kailangang ulit-ulitin ang katotohanan
Hindi kita kailanman ginusto, alam mo ‘yan
Ipinwersa mo ang sarili mo sa ‘kin
Matapos akong lapastanganin
Ng pinsan mong Mestizo
Noon pa man tumututol na ‘ko, alam mo ‘yan
Punit-punit man ang damit ko at sugatan
Kayang-kaya kong putulan ng hininga ang pinsan mo;
Pero dumating ka, magaling mambola
At komo binili mo ako ng dolyares, (dalawampung milyon)
Akala mo pag-aari mo na ‘ko
At saka na lang susuyuin ang matamis kong “oo”,
Hindi ako karne sa palengke, Joe
Na tinatadtad at kinikilo
Hindi ako dram na tambakan ng basura mo
Hindi ako hayup na kakain ng mga isinuka mo
Hindi ako baboy na pagtutubuan mo
Hindi ako kalabaw na magpapaalila sa ‘yo
Hindi ako inahing parausan mo
Hindi ako gamu-gamong mabibighani
Sa kislap ng suot mong “star-spangled banner”
Hindi na ako ang indiong
Bumibilib sa slang mo
“teach those animals some civilization”;
Hindi na ako ang mananayaw na umiindak sa rock and roll
O payasong nakatanghod sa Broadway at Hollywood

O mangmang na tinuturuan mo na-
“Democracy is equal to the ballot”
O pipit na mabubugaw ng galit mo;
May sarili akong utak, Joe
Alam ko ang bawat pangyayari
Simula pa nang unang araw na dumating ka
Nakamarka na ‘yon sa kamalayan ko
Bawat pilat, bawat patak ng dugo
Bawat bangkay, bawat kalahi kong ginahasa mo
Mag-antay ka, Joe
(Joe-tang ama mong si Bush!)
Inihahanda ko na ang libingan mo
At sabihin mo d’yan sa bugaw mo sa palasyo
Kahit magtawag pa kayo ng libu-libong tropa n’yo
Lalong wala kayong maririnig na “oo-ng” yukod-ulo
Paano ko kaya maipapaunawa sa ‘yo?
“Fuck-off, Joe!”; D’yan ka lang naman magaling, ‘di ba?
Sa pagpaparaos sa ‘di mo pag-aari,
At sa ‘di mo pinagpaguran;
Hindi ito pamamaalam
Dahil kahit kailan,
Hindi naman naging tayo!

P.S.
May araw ka rin Joe,
At sa araw na ‘yon
Walang bulaklak … walang kape …
Walang biskwit sa burol mo!



# Pagbabalik

*ni Ka Jay Mars Jacinto*

Ang balita'y ligaya at kadakilaan
Ang hatid sa silangan.
Tila trumpeta na umalingawngaw
Sa inangbayan at daigdig.
Karagata'y lumikha ng galit
At itinaboy papalayo
Ang tiping puting buhangin.


Ngunit ito'y hindi pa araw ng paglaya.
Hindi pa.  Hindi rin kabayaran
Sa mga Pilipinong kanilang pinaslang.
Hindi pa nga ito paglaya.
Hindi pa nga ito kabayaran.
Hindi. Hindi pa.

Katulad pa rin ng dati
Ang kanilang muling pagdapo,
May koro ng lumang tono:
Kaibigan, katuwang kaalyado.
Noon, may bitbit din silang sandata
Na kanilang kinalabit
Nang walang panginginig.
Dahil inibig nating baya'y maging
Malaya,
Pinatira sa katawan ng mga bata
At mamamayan ang kanilang mga bala.
Lagim sa lahat ng dako.  Sa lahat
Ng dako, lagim.  Sinong makalilimot
Sa mga panaghoy
Sa kadawagan ng Samar?
Madilim na ang bayan simula noon.
Simula noon, mga apoy sa dilim.

Bumalik sila pagkat sakop nila
ang bayang ito. Ngayo'y kailangang
pangalagaan nila ang namemeligrong kapital.
Tumingala ka't
lumilipad ang agilang bakal, tumanaw ka't
sa lahat ng laot ay balyenang bumubuga
ng apoy
at tingnan mo, ang kanilang mga tropa'y
nagtuturo sa mga kawal ng palasyo
kung paano kumitil ng mga tao.

Ngumiti tayo sa pagbabalik.
Ng mga hindi naman talaga bisita.
Patunay na paguho na
Ang lumang bahay.
Bahay na pinanatili nilang kubo!
Sa kanilang pagbabalik, lumalapit
Ang kabayaran.
Lumalapit ang kalayaan.
Kakalabitin lang ang gatilyo.
Siguradong lahat ng tama'y sa kanilang sintido!

Magalak tayo.
Maaamoy ng mga kinalansay ng mananakop
Ang kanilang maiitim na dugong
Kakalat sa lawak ng kayumangging lupa!



# Kailan pa?

*ni Ka Saranggola*

Kailan pa magigisnan ang ginhawa
Kung patuloy pa ring may mang-aalipin
Ang pangarap ay hinding-hindi mararating
Kung patuloy pa rin paaalipin

Inaasahan mo sa buhay ay laging dalangin
Sa kalagayan mo'y hirap ang laging kapiling
Nagsikap magtiis nagsipag nang makamit
Ng dungis na dukha'y tuluyang maalis

Kay tagal mong hinintay ang mga hiling
Inaasahan mong ngiti kapalit ng mga daing
Ngunit ito'y nabaon lumipas inilibing
Hanggang ang dusa'y sapitin ng iyong supling

Kahapon ang sugat sa iyo'y itinanim
Nang kahirapan sa buhay di mo nais sapitin
Lunas ng pighati sa iyo'y ipinagkait
Ng mga panginoong kay sama kay lupit

Laya mo'y di masasagot ng daloy ng panahon
Kung ang kamao'y itinali noon hanggang ngayon
Kung sa bibig ang mga galit ay ibinubulong
Hanggang ang laya mo'y inaangkin ikinukulong





photo-essay

# MUKHA NG LIPUNAN

*ni Ka Ruiz Aragones at Ka Lena Ibarra*

SAKSI ANG LANSANGAN SA MAPANGAHAS, nakamamangha at higanteng mga *effigy* na ipinarada, winasak at sinunog sa mga kilos protesta ng iba't ibang sektor ng lipunan. Yari sa papel, tela, kawayan at iba pa, ang tatlong dimensyon (solido o buo) at napapagalaw na anyo ng *effigy* ay nagbibigay buhay sa mga sinisimbulong mga imahe at malayang nakakakuha ng interaksyon o partisipasyon ng mga lumalahok sa kilos-protesta.




1. Cowboy Sam, kilos protesta laban sa US military exercises, Pebrero, 2003: si Uncle Sam na nakabihis militar ay nagpapakita ng armadong interbensyon ng imperyalismong US sa Pilipinas.



2. Erapzilla, kilos protesta para sa pagpapatalsik kay Pangulong Estrada, Nobyembre, 2003: halaw sa pelikulang Godzilla, si Erapzilla ay larawan ng rehimeng US-Estrada.




3. Karwahe ng Kahirapan, pagkilos para sa P125 na dagdag sa minimum na arawang sahod, Setyembre, 2001: Si Gloria Macapagal-Arroyo ay nakasakay sa karwahe na hinihila ng sambayanan habang nilalatigo ang huli ng tatlong ulong halimaw, ang mga dayuhang industriya mula sa US, Hapon at Europa.



4. Uncle Sam at Erap, Mayo Uno, pandaigdigang araw ng paggawa, 1999: Sina Uncle Sam at Erap ay mga higanteng ahas na lumilingkis sa mga manggagawa at mamamayan.

ANG *EFFIGY* ay representasyon ng kinamumuhiang personahe, pangkat at umiiral na kaayusan. Sa pagsigla at paglakas ng kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan, ang tradisyunal na anyo ng *effigy* na kadalasang makikita sa mga sekular at relihiyosong ritwal at mga pyesta ay umunlad bilang isang porma ng sining protesta.



6. Kristong Manggagawa, Kalbaryo ng Sambayanan, Abril, 2000: Tulad ni Kristo, nagsasakripisyo ang mamamayan bunga ng pasan-pasang krus ng kahirapan.

5. Produksyon ng mga *effigy*





7. Lechon, Setyembre 1999: nilitson ng mamamayan si Erap kasama ng mga parasitikong kroni nito.



8. Karwahe ng Kahirapan 2001: kampanya sa P125 dagdag sa sahod

GAMIT ANG IBA'T IBANG POPULAR NA IMAHE, ang *effigy*, kasama ng dulang panlasangan, mural, awit, poster at iba pang porma ng sining protesta at rebolusyonaryo, ay isang makapangyarihang midyum na naglalarawan sa kasalukuyang krisis sa ekonomya at pulitika ng bansa. Sa nakakaaliw at nakakatuwang anyo nito, naitatampok ang mga isyu at kalagayan ng mamamayan at mabisang naihahatid nito ang karaingan at panawagan ng iba't ibang sektor ng lipunan.

SIMBULO ANG *EFFIGY* ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at soberanya at upang lagutin ang dominasyon ng imperyalismong US sa pulitika, ekonomya at kultura ng Pilipinas. Ipinakita nito ang pagpapakasasa at pandarambong ng imperyalismong US sa yaman ng bansa sa pamamagitan ng Uncle Sam, agila, pugita at armas pandigma.



11. Piratang Bush at ang lorong si Gloria, pagbisita ni Bush sa Pilipinas, Oktubre 2003: ang sabwatan ng US at rehimeng Arroyo sa paglulunsad ng "gera kontra terorismo."


12. Dayong Agila, float parade para sa pagpapatalsik kay Pangulong Estrada, Disyembre 2000: ang paglukob ng imperyalismo sa pambansang kalayaan at soberanya ng bansa.







13. Ang matalik na magkaibigang sina Uncle Sam at Ramos, kilos protesta laban sa Asia Pacific Economic Cooperation, Nobyembre 1996: ang pagiging sunud-sunuran ng rehimeng Ramos sa kumpas ng among Imperyalismong US.

17. Gloriang Anay, SONA 2002: Inihambing ang rehimeng US-Arroyo sa anay bilang salot na umuuk-ok sa yaman ng bansa.






16. Erap Macho, Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, Marso 2000: ang ganid, magnanakaw at militaristang si Erap ay nagpapakasasa sa kabang yaman ng bansa habang naghihirap ang mamamayan.




18. G.I. Glo, SONA 2004: ang "gera kontra terorismo" ng rehimeng US-Arroyo ay bombang pinasasabog laban sa mamamayan.

NIREPRESENTA NG MGA *EFFIGY* ang nakaraan at kasalukuyang pamahalaang papet, pasista at pahirap sa masa.


SINUSUNDOT, SINUSUNTOK, HINAHAMPAS, hinahambalos at sinusunog. Sa interaksyon ng mamamayan sa mga imahe, ang poot, galit at mga mithiin ng sambayanan ay kongkretong nailalarawan. Ano man ang sukat at laki ng mga *effigy* ay lumiliit sa pagkakaisa ng mamamayang nakapalibot dito. At ang mistulang"nakakatakot" at mabangis na anyo nito ay lalong nagpapatibay sa kapasyahang wasakin ito. Salamin ito na higit na makapananaig ang sambayanan sa higante at makapangyarihang puwersa ng imperyalismong US, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.



19. Erap punching bag, March 2000: pinagsusuntok ng iba't ibang sektor ang bundat at matakaw na si Erap.



20. Cowboy Sam, kilos protesta laban sa US military exercises, Pebrero 2000: dinumog at pinagsisira ang imahe ni Uncle Sam.



HINDI NAGTATAPOS ANG PAGLIKHA at paglilingkod ng sining sa pagkabuo ng obra [illegible] ang [illegible] magsasaka [illegible] malawak na mamamayan. Kasabay ng [illegible] awit ng [illegible] sabay-sabay na [illegible] ahitasyon [illegible] sakin at [illegible] sunugin ang [illegible] ng ipatanaw [illegible] mapagsamantalang sistema. Dito nabubuo ang proseso ng paglikha at paglilingkod ng sining.

[illegible] ma sa [illegible] sa kawayan [illegible] at [illegible]




Reclining Erap
mural
SONA 1999

Untitled
pen and ink




editorial cartoon
1995



Peacemaker
mural
1999






poster
2000



untitled
watercolor



Adyenda ng Mamamayan
mural
2001

KAHANGA-HANGA ANG MGA DROWING sa *watercolor*, pen at ink, *murals* at *posters* na lumalabas sa iba't ibang espesyal at mahahalagang okasyon gaya ng pagsalubong sa bagong milenyo at sa pagdiriwang ng sentenaryo ng Kilusang Manggagawa.

Sentenaryo ng
Kilusang Manggagawa
mural
2001





salaysay

# Mga Martir ng Sentrong Lungsod

**SINA KA ARIEL, BERN AT HELEN ay mga mabubuting anak ng rebolusyon na nagmula sa kalunsuran, tumungo sa kanayunan at lumahok sa armadong pakikibaka. Sila ay ilan lamang sa mga anak ng Maynila na hindi nabighani sa pantasyang inilako ng lunsod at naglingkod sa masa hanggang sa huling sandali ng kanilang hininga.**

**Ating itala ang kanilang paglilingkod, pagpapakasakit at kamatayan para sa sambayanan. Sa ganito, ang kanilang kadakilaan ay may pahina sa aklat ng kasaysayan na hindi maglalaho kailanman sa ating puso't isipan.**



# Pagpupugay kay Ka Ariel

Mula sa Pamunuan ng Partido
at Bagong Hukbong Bayan ng
rehiyong Cagayan Valley



Isang marubdob na pakikidalamhati sa pamilya, kamag-anakan, kasamahan at mga kakilala ni Ka Ariel.

Kaisa ninyo kaming nagpupugay sa pagkamatay ni Kasamang Ariel. Namatay siya sa depensibang labanan ng kinapalooban niyang Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) noong hapon ng Abril 18, 1999, habang nag-oorganisa ng masang magsasaka sa loob ng Barangay Dadda, Amulung, sa probinsya ng Cagayan. Hindi sumuko ang nakubkob na iskwad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Magiting na lumaban sina Ka Ariel, kahit kinaharap ang tatlong Combat Group (di bababa sa 150 tropa) ng 41th Infantry Battalion ng AFP.

Sa gitna ng putukan, nakalusot ang ibang kasama at nakapinsala pa ng ilang tropa ng kaaway. Ngunit nasukol at nadakip sina kasamang Rogelio Elejer, a.k.a. Ka Jaya/Father at Kasamang Helen. Samantala, si Ka Ariel ay tinamaan sa paa at ulo, na ikinamatay niya. Matapos maotopsiya ng *Municipal Health Officer* ng Amulung, ipinalibing agad ang bangkay ni Ka Ariel.

Isang namumunong kadre at nakatalaga sa isang SYP sa Cagayan si Ka Ariel bago siya namatay. Kusa siyang nagpalipat sa Cagayan Valley noong huling

kwarto ng 1998, mula sa namumunong Komite ng Partido sa Manila-Rizal. Masigasig siyang tumugon sa panawagan ng Partido sa mga pwersang napalitaw ng demokratikong kilusan sa mga syudad, na tumungo sa kanayunan at lumahok sa armadong pakikibaka.

Laging malaki ang pangangailangan sa mga rebolusyonaryong kadre, kasapi ng Partido at aktibistang masa sa mga syudad na sumanib sa BHB at lumahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Lalo pang damang-dama ang pangangailangang ito sa Cagayan Valley, sa harap ng pagsisikap na makaagapay sa pambansang pag-abante. Panimula pa lamang, ngunit malaki na ang naiambag dito ni Kasamang Ariel. Nakakalungkot na hindi nakapagtagal at nabuwis kaagad ang kanyang buhay. Malaki pa sana ang maitutulong niya sa ating kabuuang pagsulong.

Sa maikling panahong inilagi niya dito ay nakita sa kanya ang rubdob ng sigasig sa pagsusulong ng gawain sa rehiyon. Nalulungkot tayo sa maagang pagkamatay ni Kasamang Ariel, tulad ng pagbuwis ng buhay ng marami pang ibang kasamang lumahok sa rebolusyon. Sa kabila nito, nagpupugay tayo't nagpapasalamat sa kanilang naiambag sa rebolusyonaryong pagmartsa ng bayan. Lagi silang nasa ating alaala, sa ating puso't isipan.

Hindi tayo ilulugmok ng paninimdim. Nagsisilbing isa pang huwaran si Kasamang Ariel, sa pag-aalay ng buhay para sa Partido, sa masa at sa rebolusyon. Gawin nating higit na makabuluhan ang pagkamatay ng mga martir sa patuloy nating pagtangan ng baril para ipagpatuloy ang ating ipinaglalaban.

Ang daan ng ating rebolusyon ay liku-liko, punung-puno ng pagpapakasakit, isang marahas na paglaban, at di-maiiwasang diligan ng dugo ng ating mga bayani at martir. Isang tunay na komunista si Ka Ariel. Sinuong niya ang rebolusyonaryong landas, inialay ang buhay para ipaglaban ang simulain ng uring manggagawa at buong sambayanan para sa pambansa at panlipunang paglaya.

# Pagpupugay kay Ka Bern: Rebolusyonaryong Unyonista, Magiting na Pulang Mandirigma



Si *Pareng Bern*. Ganito kung tawagin si Kasamang Bernie Zantua ng kanyang mga katrabaho sa panahon ng breyktru sa pagkilos sa hanay ng kababaihang manggagawa. Nagtrabaho at kumilos si Ka Bern sa isang pabrika na nag-aasembol ng *electronic appliances* sa Timog Kamaynilaan.

Sa simula pa lamang, kitang-kita na ang pagiging malapit ni ka Bern sa kanyang mga ka-manggagawa.

Madaling makapalagayang-loob si Ka Bern. Palibhasa'y makwento at mababa ang loob. Masaya niyang naikukwento ang kanyang buhay, kahit halos puro ito kwento ng kahirapan. Panganay siya sa anim na magkakapatid na naulila sa ama bago pa man siya makapagtapos ng elementarya. Sa batang edad, napasok niya ang samu't saring hanapbuhay tulad ng pagiging utusan sa isang *bowling center* at tagalinis ng sasakyan. May pirming bida sa kwento ng kasama – ang pinakamamahal niyang si Nanay. Makulay ang kanyang buhay, bagay na kalaunan ay tumingkad din sa pagkakilala sa kanya ng mga kasama.

Nagsimula siyang mamulat nuong maagang bahagi ng 1990 nang maugnayan ng progresibong samahan sa kalapit na simbahan ang kanilang komunidad. Kilala siya na *grand chancelor* ng isang tsapter ng isang *fraternity*. Bagamat hindi pormal na pumaloob sa anumang samahang masa, nakatulong si Ka Bern na ugnayan ang kanilang erya ng mga kasama.

Gayunpaman, higit niyang nakilala ang pambansa-demokratikong kilusan nang magtrabaho siya sa isang pabrika. Inabot niya ang panahon nang kabulukan ng dilawang liderato ng unyon hanggang aktibo na siyang nakibahagi sa transpormasyon nito tungo sa pagiging isang tunay na palaban, militanteng unyon ng manggagawa. Setyembre 1996 nang sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido.

Walang pag-aalangang ginampanan ng kasama ang kanyang rebolusyunaryong tungkulin sa pagbubuo ng sangay ng Partido sa kanilang pabrika, kahit pa ito'y napapailalim sa isang organo ng Partido sa kilusang kababaihan. Mahusay siyang lider at ahitador ng kanilang mga sama-samang pagkilos para sa matagumpay na CBA. Agresibo niyang tinindigan ang pamumuno sa unyon bilang bise-presidente kaya't ang palasak na bati na *Pareng Bern* ay naging "Ka Bern" na sa lahat. Sa panahon ding ito nakita ang pagiging matyagang organisador ni Ka Bern. Sa kabila ng nakangangalay-balakang na gawain sa planta, tila walang kapaguran sa pagbabahay-bahay si Ka Bern sa mga ka-manggagawa na limitadong makakausap kung sa loob lamang ng planta. Ang masikhay na pagkilos ni Ka Bern ay nagrekluta ng maraming masang aktibista at bagong kasapi ng Partido na naging gulugod ng papatindi pang lokal na pakikibaka sa kanilang pabrika.

Uliran din si Ka Bern sa pagpapaunlad ng pamilya para sa rebolusyon. Ang pagkabawas ng malaking oras niya para sa pamilya dahil sa gawain ay di nakabawas bagkus nakapagpatibay pa ng relasyon niya sa kanyang ina at mga kapatid. Sa simula pa lamang ay madalas nang isama ni Ka Bern ang mga kasama sa kanilang bahay, bagay na nakapagpalapit sa kanyang Nanay sa kilusan.

Ang pagsulong ni Ka Bern sa pulitika ay mahigpit na kasabay ng pag-unlad niya sa organisasyon at ideolohiya. Sumumpa si Ka Bern bilang ganap na kasapi ng Partido nuong Hunyo 1998. Nagpasyang magpultaym si Ka Bern matapos ang kanilang pakikibakang lokal laban sa ilegal na pagsasara ng kanilang pabrika. Bago pa man nito, tumayo nang kalihim ng sangay si Ka Bern.

Sa paglipat niya ng gawain, tumayo muli siyang kalihim ng sangay sa isang pabrika ng garments na noon ay nasa bingit na rin ng pagsasara. Hindi lamang ang problema sa pabrika ang mabigat na kinaharap ni Ka Bern. Mas mabigat na suliranin ang pagbubuo ng pagkakaisa sa loob ng sangay na noon ay batbat ng liberalismong bunga ng dating buhaghag na pag-oorganisa sa hanay ng manggagawa. Sa ganitong kalagayan, higit na ipinakita ni Ka Bern ang pagiging matiyaga at masikhay laluna sa gawaing masa. Sa kabila ng malaking gawain sa sangay, nagawa pang tumulong ng kasama sa

pagpapaunlad ng gawain sa isa pang malaking pabrika ng *electronic appliances*. Hindi makakalimutan ng mga manggagawa si Ka Bern dahil sa pagiging ahitador at palaban nito. Hindi siya humiwalay sa kanila mula sa simula at maging matapos ang kanilang welga.

Ang pagkilos ni Ka Bern sa lunsod na hitik sa karanasan sa pakikibakang masa at ang pagsulong niya sa ideolohiya ang nagbunsod sa kanyang kumilos sa kanayunan at tupdin ang panawagang lumahok sa armadong pakikibaka. Taong 2000, iniwan ni Ka Bern ang Kamaynilaan upang mag-integrasyon sa isang probinsya sa Dulong Timog Mindanaw. Kumilos siya ng anim na buwan bilang organisador sa isang malaking plantasyon ng pinya at naging bahagi ng matagumpay na laban ng unyon sa *Certificate of Election*. Sa pagbabahagi ng mga kasama doon, katangi-tangi ang bilis ng kasamang sumanib sa lokalidad, di lamang sa kanilang lenggwahe kundi sa kanilang buhay at pakikibaka. Tulad ng inaasahan ng marami, ang anim na buwang integrasyon ni Ka Bern ay itinuloy niya na sa buong-panahong pagkilos sa probinsya bilang isa nang Pulang Mandirigma.

Sa limitadong bakasyon ng kasama upang bisitahin ang pamilya dito sa Maynila, lagi nang kinakapos sa panahon si Ka Bern para ibahagi sa mga kasama ang napakarami niyang kwento tungkol sa mga karanasan niya sa kanayunan. Sadyang napakalaki ang isinulong na paninindigan ng kasama para sa rebolusyon. Ngunit sa bawat pagbisita niya sa atin, naroon pa rin ang dating tawa, ngiti, biro at lambing ng kasama.

Kaya't ang balitang pagkamatay ni Kasamang Bernie sa armadong sagupaan sa kaaway noong Marso 2004 ay tila batong dumagan sa dibdib ng maraming kasamang nagmamahal sa kanya. Gayunman, hindi dapat malambungan ng kalungkutan ang nararapat na pagpupugay sa kanya. Nagbuwis ng buhay si Ka Bern para sa masang anakpawis sa Dulong Timog Mindanaw at sa buong sambayanang Pilipino.

Tunay ngang magsisilbing inspirasyon at hamon sa lahat ng mga kasama ang buhay at pakikibaka ni Kasamang Bernie.

# Itanghal ang Kabayanihan ni Kasamang Helen Cabildo!

Pahayag ng Organisasyon ng Partido
Komunista ng Pilipinas sa Manila
28 Setyembre 2002



Ang buong organisasyon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Metro Manila ay nagdadalamhati sa pagkamatay ni Kasamang Helen Cabildo noong buwan ng Hulyo 2002. Nakikiramay kami sa kanyang mga magulang, kapatid at kamag-anak. Ang pagkamatay niya ay malaking kawalan sa kanyang mga kaibigan at mga kasamahan sa Metro Manila at maging sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa rehiyon ng Cagayan Valley.

Si Kasamang Helen ay iginupo ng sakit at namatay sa piling ng mga kasama sa BHB noong huling linggo ng Hulyo 2002 sa kabundukan ng Sierra Madre sa San Mariano, Isabela. Namatay siya na isang mahusay na kadreng pangkultura ng ARMAS, kadre ng Partido at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Si Kasamang Helen ay napakabata pang namatay sa taong gulang na 21 ngunit pinanday siya ng panahon at malayo na ang kanyang narating. Bago siya sumapi sa hukbong

bayan, siya ay kumilos bilang kadreng pangkultura sa Kamaynilaan. Aktibo siyang lumahok sa mga dulang naglalantad ng kabulukan ng lipunan, nagtatanghal sa kabayanihan ng masa at nagbabandila sa pangangailangan ng rebolusyonaryong pagbabago. Tumulong siya sa pagpapalitaw at pagsasanay ng iba pang mga aktibista at kadreng pangkultura. Tumulong din siya sa pagtatatag ng iba't ibang samahang pangkultura at sa pagpapalaganap ng isang kulturang makabayan, syentipiko at makamasa.

Isa siya sa mga namuno sa paglulunsad ng iba't ibang kampanya at pakikibaka tulad ng kampanya sa pagpapabagsak sa rehimeng Estrada, sa sumunod na kampanya sa eleksyon noong Mayo 2001, at sa pakikibaka ng mga manininda sa lunsod ng Maynila noong 2001. Tumulong siya sa pagbubuo ng isang koalisyon ng mga manininda na nakapagpakilos ng mahigit isang libo hanggang dalawang libong manininda laban sa panunupil at para sa kabuhayan at karapatan. Kasama siya sa paglulunsad ng kampanya para sa pagpapaalis sa *oil depot* sa Pandacan. Tumulong siya sa paglulunsad ng iba't ibang kampanya at pakikibaka sa Maynila na nagtataguyod at nagtatanggol sa kapakanan at karapatan ng mamamayan. Mula rito ay nagpasyang kumilos nang buong panahon.

Sa panahon niyang ito sa kalunsuran, ipinakita niya ang katapatan sa adhikain ng sambayanan at rebolusyon. Si Kasamang Helen ay mapagpakumbaba, masipag sa gawain at malapit sa masa at sa mga kasama. Makikita rin sa kanya ang pagkukusa, ang simpleng pamumuhay, at ang interes na mag-aral at matuto sa praktika. Sa kabila ng mga sakripisyo at kahirapan sa gawain, siya'y optimistiko, matatag at masayahin.

Nagpasya siyang mag-integrasyon sa kanayunan sa piling ng masa at Bagong Hukbong Bayan noong Disyembre 2001. Malaki ang puwang na naiwan ng kasama sa kanyang mga responsibilidad sa kalunsuran. Ngunit itinuring ito ng mga kasama bilang isang kapuri-puring pasya. Hindi pa natatapos ng kasama ang takdang *tour of duty* niya sa BHB ay nagpasya na siyang kumilos nang buong panahon sa larangang gerilya. Sa sarili niyang mga sulat at salaysay ay naibahagi niya ang iba't ibang karanasan at ang naramdaman niyang pagkalubos sa sarili. Bago

namatay ang kasama ay maitatalaga sana siya sa isang espesyal na gawain dahil sa kanyang kasanayang pangkultura at sa ipinakita niyang kapuri-puring paggampan sa gawain.

Inilibing si Kasamang Helen sa isang militarisadong lugar sa kalagitnaan ng kabundukan ng Sierra Madre. Hangad ng kaaway na sila ang makakuha ng mga labi ni Kasamang Helen upang maipagmayabang na sila ang nakapatay sa kanya. Ngunit binigo ng mga kasama ang pakanang ito. Inuwi sa Maynila ang mga labi ni Kasamang Helen sa pagpupursigi ng mga kasama at ng kanyang pamilya, sa tulong ng mga mapagkaibigang institusyon at mismong mga yunit ng BHB sa Isabela.

Ang kabayanihan ni Kasamang Helen ay walang dudang maibibilang sa hanay ng mga dakilang martir ng sambayanan at rebolusyong Pilipino. Dapat natin siyang itanghal bilang bayani at martir at gawing huwaran ang kanyang ipinakitang mga positibong katangian.

Umaasa kaming ipagpapatuloy at isasabuhay ng mga kadre't kasapi at iba pang rebolusyonaryo sa Metro Manila ang diwa ng sakripisyo, kasigasigan, pagpapakumbaba, simpleng pamumuhay, katapangan, optimismo at paglilingkod sa sambayanan na ipinakita ni Kasamang Helen.



dula

# Bayani ng Daluyong

*ni Caloy Jacinto*

**MGA TAUHAN:**
SION - Ina, byuda, labandera, kasapi ng organisasyon ng mga kababaihan sa kanilang komunidad; tagapaglahad ng dula; tinig ng masa.

**KORO** - Kumakatawan sa sambayanang Pilipino; *movers* at mang-aawit sa dula; gaganap din ng iba pang tauhan sa dula

**ERAP** - *Masked character*; pinatalsik ng mamamayan sa pwesto.

(Iba pang tauhan na maaaring opsyonal ang paglabas o sa pormang biswal lamang, depende sa direktor, tulad nina: Uncle Sam, Imelda Marcos, Lucio Tan, Danding Cojuangco, Lacson, Chavit, atbp.)

(Makikita sa entablado ang *caricature mural/façade effigy* ng *dilapidated* Malakanyang sa kanang bahagi ng entablado. Sa harap nito ay isang sinasapot na trono. Ang dalawang imahe na ito ay napapalibutan ng *palace gate*, sa isang *semi-circular formation*. Sa kaliwang bahagi ng entablado, makikita ang *effigy*/balatengga mural ng Mary of EDSA na mukhang Inangbayan. Magbubukas ang dula sa eksena ng *People Power II* sa EDSA. Maririnig ang malalakas na *chanting*. "Sobra nang pahirap, patalsikin si Erap!", "Erap, *resign*!", "Hatol ng Bayan, *guilty* si Erap!". Ang koro ay nakasuot ng itim at/o may *half-mask*. Sila ay mga tauhang di pa kilala. Mga walang mukha, mga walang pangalan).

**AWIT: DALUYONG**

**KORO 1:** Mga kababayan, lumayas na sa Malakanyang si Estrada! (masayang sigawan)

**KORO 2:** (histerikal) Haaay salamat, buti na lang naghudas si Chavit kay Asiong Salonga!

**KORO 3:** Ang galing kasi ng *prosecution*! Sino ba naman ang hindi madidiin ng todo sa iksibit dobol "ki"?

**KORO 4:** Hindi. Wala pa rin kasing kupas ang karisma ni Tita Cory at Cardinal Sin. Parang sina Darna at Ding!

**KORO 5:** Bida rin si Ate Guy (gagayahin si Nora): Binubugbog niya ako nung *shooting* pa lang ng Banawe! Magnanakaw siya! Magising na kayo mga kababayan! Walang himala!

**KORO 6:** Sa wakas, wala na si Jose Velarde! Tapos na ang problema! Meron na tayong Gloria!

(masayang sigawan)

**KORO 1:** Mga kababayan, sama-sama nating awitin ang Bayan Ko!

(Magsisimula pa lang ang pag-awit ng Koro nang biglang papasok si Aling sion. May bitbit na palanggana, bangkito at timba.)

**SION:** Hep, hep, teka lang. Teka sandali. Mukhang malabo yata ang ganyang kwentuhan. Mas malabo pa sa tubig na unang pinagbabaran ng labahan. Parang etsapwera na naman kaming maliliit. Salamat na naman sa mga balimbing? Salamat na naman sa mga heneral? Bida na naman ang mga bigatin sa lipunan? At tapos na ang problema ng bayan?

**KORO:** Eh teka muna, sino ka ba?

**SION:** (Nagsasalansan ng labahan) Ah, ako nga pala si Aling Sion. Labandera. Byuda. May dalawang anak. Pasusuhin pa 'yung isa. ' Yung tinedyer ko, hindi na nag-aaral. Hindi ko kaya. Wala siya rito, *busy* sa ginagawa niya.

**KORO 7:** Pwes, Aling Sion, bakit mo kami kinukunsumisyon?

**KORO 8:** Ang saya-saya naming nagkakantahan dito. Wala na si Erap.

**KORO 9:** Naluluha pa nga ako sa sobrang galak. Tapos bigla kang sisingit.

**KORO 3:** San ka ba galing? May "ki" ka ba?

**SION:** Hoy, kasama ako sa EDSA. Namaga ang ugat sa paa ko papuntang Mendiola. Halos kinalyo ang lalamunan ko kasisigaw. Hindi

malalaking tao ang nagpabagsak kay Estrada. Kaming mga etsapwera ang matyagang nagkuskos at nag-eskoba sa dumi ni Erap. Mula pa nang maluklok siya sa palasyo.

**KORO:** Ganon?

**KORO 4:** Sino ka, si Flor Contemplacion? Bagong bayani?

**SION:** Eh di balikan natin ang kamiseta ng nakaraan, ikula sa sikat ng araw ang katotohanan at nang makita kung panong inalis ng mga nag-uugat na kamay ang baktiryang si Erap!

(Papasok si Erap sa saliw ng tradisyunal na tugtog ng pistahan. Pasok ang awit. Ipapakita ang *Jeep* ni Erap. Kasama niya si Uncle Sam, Imelda, Lucio Tan, Danding. Ang koro ay magpapalit ng *costumes* at magiging taumbayan. May mukha na sila, pero etsapwera pa ring nangungunyapit sa “tagasalbang” si Erap. Sa una’y mabaliw-baliw ang taumbayan kay Erap. Pero magugulat sila nang sagasaan o binunggu-bunggo sila ng *Jeep* ni Erap)

**AWIT: PYESTA**

SION: Meron nga siyang naloko nung una. Ang tao madaling mahibang pag gutom. Pero ang taong gutom, madali ring mag-rebolusyon. Parang tubig na ibinuhos sa pusali ang ekonomya. Walang nagawa ang mga nagdaang administrasyon sa krisis, pinatindi pa ni Erap. Hindi na nga kami natigil sa kalilipat ng iskwater (nagpapalu-palo ng damit). Walang tigil na binubugbog ang kabuhayan ng masa. (*Music intro*) Sus, ubos kaagad ang sabon. Wala talagang tibay na maaasahan sa magaling lang mangako! Puro *chalk*! Puro *talk*!

(Habang pumupwesto sa *tableau* ng manggagawa *scene*)

**KORO 1:** Para sa mahirap pero manggagawa mismo ang pinahirapan.

**KORO 2:** Sahod patay-gutom ang sweldo namin. Sa panahon ni Estrada lalong dumami ang mga walang trabaho.

**KORO 3:** Malaking bahagi ng kabuuang lakas-paggawa ang walang hanapbuhay. Kung meron man, wala ring saysay dahil sa patakarang kontraktwalisasyon.

**AWIT: KONTRAKTWALISASYON**

(Magtatapos ang eksena sa welga ng manggagawa)

**ERAP:** Ang mga manggagawa, hindi ini-*spoiled* (luluwagan ang kanyang *belt*). Dapat maghigpit ng sinturon. *We need industrial peace.*

**KORO 1:** Imbes na manggagawa, pinaboran ni Erap ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal, lalo na ang kanyang mga kaibigan.

**KORO 2:** Tumampok ang mga welga sa PAL, Manila Hotel, Triumph Intl., LRT, at marami pang iba.

(Habang pumupwesto sa *tableau* ng magsasaka)

**KORO 4:** Nagkukumbulsyon sa krisis ang bansa. Nasa kanayunan ang pinakamaraming naghihingalong masa: ang mga magsasaka.

**KORO 5:** Nakikikain pa nang nakakamay ang impostor na si Erap sa mga magsasaka. Ang totoo, nilamon ni Erap, ng dayuhan at malalaking panginoong maylupa ang kabuhayan ng mga magsasaka.

**AWIT: AKO'Y MAGSASAKA**

(Matatapos ang eksena sa *tableau* ng kilos protesta ng mga magsasaka)

**ERAP:** Meron namang Erap rice, na murang mabibili sa Erap *rolling store*. Ano pang problema n'yo?

**KORO 6:** Isinubasta ang lupa sa dayuhan. Pinabaha ang mga *imported* na produktong agrikultural. Pinatindi ang pagluluwas ng hilaw na materyales kapalit ang pagkain ng mamamayan. Ginawang *golf course* at magagarbong subdibisyon ang mga sakahan.

**KORO 4:** Tumampok ang kaso ng Hacienda Looc at marami pang iba.

(Habang pumupwesto sa *tableau* ng *urban poor*)

**KORO 7:** Isang libong bahay daw araw-araw ang itatayo ni Erap para sa maralitang lunsod.

**KORO 8:** Pero Setyembre ng 1998 pa lang, nagdeklara na si Erap ng gera laban sa maralita. Trahedya sa Payatas, simbolo ng kabulukan at kapabayaan ni Erap sa mga maralita.

**ERAP:** Sa loob ng isang taon, ubusin ang mga iskwater!

**KORO 9:** At sino ang makakalimot noong Nobyembre 1999, sa marahas na demolisyon sa komunidad ng Dabu-dabu sa likod ng Manila Film Center?

**KORO 7:** Masakit daw kami sa paningin ng mga bisitang dayuhan. Dumating dyan sa PICC. Dahil sa lintik na APEC na 'yan. May mga batang namatay at marami sa amin ang nasaktan sa demolisyon.

**AWIT: MANONG PAWIKAN**

(*Movemen*t ng karahasan ng estado laban sa mamamayan. Sabay-sabay ang *execution* ng tatlong grupo. Sa bahaging ito, magkakahiwalay ang tatlong eksena, pero tutuhugin sila sa isang larawan ng pasismo sa maralita sa pamamagitan ng awit)

**AWIT: (Salimbayan) MANGGAGAWA/NAGBABAGANG LUPA**

(Aalis ng entablado ang Koro. Maiiwan sina Erap, Imelda, *cronies* at Uncle Sam. Ang susunod na eksena ay magpapakita ng pagkatuta ni Erap at ang kanyang mga krimen sa sambayanan)

**AWIT: ERAP ROUND THE CLOCK**
(Sa tono ng *Rock Around the Clock*)

**SION:** Kuskos, kuskos, kuskos nang kuskos. Palo, palo. Tapos kuskos uli. Unti-unting nawawala ang mantsa. Ganyan nagsimulang malantad ang kabulukan ni Estrada. Yung kapitbahay naming si Poleng, matapos ipa-*demolish* ni Erap yung bahay sa Film Center, isinumpa na ang kanyang idolo. Mula noon, kasama na lagi diyan sa Mendiola. Sa totoo lang, tuluy-tuloy na nalantad at nahiwalay si Erap sa mamamayan dahil sa pinatindi at sunud-sunod na kilos-protesta ng masang niloko niya o hindi nagpaloko sa kanya.

(Papasok ang Koro para bumuo ng *tableau* ng *sectoral mobilizations*. Sa simula ay malinaw ang paggugrupu-grupo para

patampukin ang bawat sektoral na isyu na ipapakilala sa pamamagitan ng pag-*chant*)

**AWIT: MARTSA NG BAYAN**

(Sasaliwan ng sektoral na pag-*chant*. Kailangang mabuo ang impresyon ng papalaking pagkilos, paparaming bilang ng tao, papakapal na alon bandila, *streamer* at plakard.)

**SION:** Ang kilusang masa— ang mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, mga kawani ng gubyerno, mga guro, manggagawang pangkalusugan at iba pang maliliit na empleyado, mga makabayang artista, at mga taong simbahan—ang nanguna sa militanteng kilusang protesta.

**AWIT: PANATA SA KALAYAAN**

**SION:** Sa pamamagitan ng mga organisasyong kumakatawan sa kanila—ang KMU, KMP, PAMALAKAYA, KADAMAY, ANAKBAYAN, GABRIELA, *COURAGE*, KARAPATAN, SINING BUGKOS, ang BAGONG ALYANSANG MAKABAYAN at marami pang iba—ang mga ito ang nagpakita ng maka-dayuhan, anti-mamamayan at pasistang katangian ng rehimeng US-Estrada. Sa mga organisasyong ito ng masang anakpawis at iba pang progresibong pwersa, sa unang taon pa lamang ni Estrada, narinig ang banta ng unos.

**KORO:** Sobra nang pahirap, patalsikin si Erap!

**SION:** Ang mga organisasyong ito ang nanguna sa pagpapalawak ng pagkakaisa ng mamamayan, sa pagkabig ng suporta ng mga panggitnang pwersa, ng marami pang propesyunal at negosyante, simbahan, masmidya, hanggang sa hanay ng oposisyon sa gubyerno. Eh sino ba naman ang hindi maririmarim sa grabeng korupsyon, imoralidad at kainutilan ng rehimeng Estrada? Sa gitna ng matinding krisis sa bansa!

**KORO:** Sobra nang pahirap, patalsikin si Erap!

**SION:** Sa maikling panahon ng panunungkulan ni Erap, namumutiktik ang mga alyansang tumututol sa kanyang mga anti-mamamayang patakaran. Nabuo ang malalapad na alyansa ng mga progresibo at patriyotikong pwersa tulad ng *JUNK VFA MOVEMENT*, *September 21 Committee*, KONTRA KARTEL, *Stand Against Gambling in the*

*Philippines* at iba pa. Inihudyat ng dambuhalang rali sa Makati laban sa *Charter Change* noong 1999, na aktibong nilahukan ng itinayong *PEOPLE RESIST*, at ang rali sa komemorasyong EDSA 1 noong nakaraang taon, ang pagbibilang ni Erap ng araw sa Malakanyang.

(Matatapos dito ang awit ng PANATA)

**SION:** Sumadsad ang bansa sa krisis. Lagpak din ang popularidad ni Erap, kung gaano nakapanghalina ang popularidad niya nung umpisa, ganun din ang bilis ng pagdausdos niya. Kaya kailangang umisip ng paraan para makabawi. Desperado si Erap at ang among dayuhan. Sa pagkilos ng bayan sa *State of the Nation* ni Erap nung isang taon, ipinakita niya ang tanging solusyong nasa isip para makabawi—supilin ang mamamayan.

(Eksena ng dispersal sa SONA)

**AWIT: WALANG MANG-AALIPIN**

**SION:** Binuo ang planong tanging ang gang ni Erap at amo niyang Kano ang tiyak na makikinabang. Sunud-sunod ang naging pagsabog sa Metro Manila.

**ERAP:** Kailangang magkalat ng *marines* sa Metro Manila.

SION: OPLAN MAKABAYAN ang sagot sa krisis. Ibig sabihin, durugin ang anumang anyo ng pagtutol at paglaban sa pamamagitan ng lupit at karahasan.

**ERAP:** Ang rebelyon, hindi binibeybi, pinipisa!

**SION:** Lalong tumitindi ang militarisasyon sa kanayunan. Libu-libo ang mga CAFGU na nirekrut—mga aso ng militar. Ang masang magsasaka ang tinamaan.

**ERAP:** *All-out war* sa Mindanao at buong kanayunan!

**SION:** Lahat, para iwasan ang kanyang kasalanan sa laganap na krisis. Akala *action star* pa rin siya at ang panguluhan ay isang pelikula. Hibang na si Erap. Sa huli, lumabas na ang tunay na layunin.

**ERAP:** Kailangan ng *Emergency Powers*.

**SION:** Subalit nagpatuloy ang kagitingan ng sambayanan.

(Habang inaawit ang "Walang Mang-aalipin" eksena ng karahasan ng estado. O ng tuluy-tuloy na pagkilos ng mamamayan)

**SION:** Linawin natin, ang kilusang masa ang nanguna at nagpunyagi sa paglalantad at paghihiwalay sa rehimen ni Erap. Ito rin ang siyang unang magiting na humarap sa ganting atake ng barumbadong rehimen. Huling hibla na lang ng taling pinanipis ng kabayanihan ng mamamayan ang pagsisiwalat ni Chavit Singson sa katiwalian ni Estrada.

(Eksena ng *impeachment proceedings*. Magtatapos sa *People Power II*.)

**SION:** At sumabog na nga ang lintik. Apat na araw sa EDSA, tinapos si Erap sa daluyong sa Mendiola.

**(*Reprise* ng "Daluyong")**

**SION:** Pero hindi pa tapos ang laban. Nasa kamay ng sambayanan, lalo na ng nakararaming inaapi at pinagsasamantalahan, ang mismong solusyon sa ating kahirapan at kaapihan. Tayo ang tunay na bayani ng EDSA. Nasa ating pagkakaisa at pagkilos ang ating katubusan.

Utang ng kasalukuyang gubyerno sa bayan ang pagtugon sa mga kahilingan at aspirasyon ng mamamayan para sa tunay na pagbabago. Pero tungkulin nating ipaglaban at isulong ito.

(Ibinubukas ang *People's Agenda mural*)


Hangga't hindi ito nabibigyan ng katuparan, patuloy na lalala ang sigalot sa ating bansa. Subalit muli't muli ay ipapamalas ng masang anakpawis at lahat ng uri at sektor na tunay na nagmamahal sa bayan ang kanilang kabayanihan. Hindi titigil hangga't hindi nakakamit ang tunay na kalayaan, demokrasya, kaunlaran, katarungan at kapayapaan.

**AWIT: AWIT NG TAGUMPAY**

**SION:** Ay teka, siguro nagtataka kayo kung bakit bigla akong naging seryoso magsalita. Nakalimutan kong sabihin. Hindi lang pala ako labandera, usisera, daldalera. Miyembro din ako ng grupo ng kababaihan sa aming komunidad. Kailangang makilahok. Hindi lang sa loob ng bahay ang buhay. Buong lipunan ang may problema. Hindi lang para sa sarili o sa pamilya ang aking pagkilos, para sa buong bayan. O sige, d'yan na kayo't tatapusin ko na ito. Baka naunahan na 'ko ng anak kong babae. Oo, nandun din siya. Sige magkita tayo sa susunod.

**WAKAS**

awit



## DALUYONG (martsa)

**Intro: Em-D-Em-C-B7**

**Em D Em**
Dumarating na ang unos
**C D Em**
Tila lintik na nagngangalit
**Em D E**
Sa mga daan bumubuhos
**C B7**
Dumadagundong ang himagsik

**(1st stanza chords)**
Natitibag ang mga lansangan
Yumayanig ang himutok
Husto na, sigaw ng bayan
Simula ng pagtatapos

**Koro 1**

**Em D Em**
Asero ang kapit-bisig
**C B7**
Sa wagayway ng paglaban
**Em D Em**
Tutupukin sa apoy ng paniningil
**C B7**
Lulunurin ng dagat
**Em G**
Daluyong, daluyong
**C B7**
Isa palibutan ng lahat

**(1st stanza chords)**
Pagbabalikwas ng binusabos
Ng hinamak at siniil
Ito ang araw ng pagtutuos
Pagbayarin ang salarin

**(ulitin ang Koro 1)**

**Koro 2**

**Em D Em**
Patalsikin, palayasin
**C B7**
Ang tirano at gahaman
**Em D Em**
Patalsikin, palayasin
**C B7**
Paghahari'y wakasan
**C Em**
Sa daluyong ng sambayanan
**C D Em**
Ang hari'y wawakasan

## PYESTA ( sa tono ng 'Pyesta' ng Patatag )

**Intro: D-G-A-D**

**D G A D**
At tumugtog na ang banda sa pyesta
**D G A D**
Simula ng palabas, tinaas ang kurtina
**G A G A**
Mga ilaw binuksan, naghiyawan
**G A**
Parating na si Superman!



```
        D            G                  A                   D
Panahon ng artistang kampeon daw ng masa
   D            G                 A              D
Para sa mahirap, nawalan ng pag-asa
         G      A            G               A
Dali-dali sila, sa Luneta nagpunta
        G                                      A
Luhaan, hindi naligo't walang meryenda
     D                A             D
Pangulo na si Joseph Estrada!

  D
Alleluyah, alleluyah, alleluyah (2x)
```

**( 2nd stanza chords )**

Mil nuebe sientos at nubenta'y otso
Pang-award ang acting sa butas na pangako
Singilin, balikan, alalahanin at masdan
Kung ano ang kinahinatnan
Sa nilangaw na palabas, pelikula ni Hudas

**ERAP:** **( sa tono ng "Livin' la vida loca" )**

```
      D
 Walang kaibi-kaibigan
             C                          D
 Kamag-anak o kumpare man
          D
 Wag n'yo akong subukan
            C            G      D
 Kamao ko ay matitikman

      D - D - D - D
 Sa jeep ni Erap
          C                      D
 Sumakay lahat ng mahirap              } 2x
      D - D - D - D
 Sa jeep ni Erap
     C                 D
 Wala nang maghihirap (talaga?)
```

C D
Buhay n'yo ay sasarap (ganon?)
C D
Walang kroni, walang korap (syanga?)
D G A D
Pangulo na si Joseph Estrada! **(2x)**



G D Bm A
Nagawa n'ya ba'ng pangako sa ekonomya
G D Bm A
Kailangan namin ay buhay na sagana
G Bm D G
Disenteng tirahan, sariling lupa
G Bm D G
Sapat na sahod, tiyak na trabaho
G Bm D
Libreng serbisyo, karapatan
G A
Lahat alay sa bayan
D G A D
Ang masa'y niloko sa pangakong napako!

## KONTRAKTWALISASYON

**Intro: C#m - G#m (4x)**

**I**

C#m G#m
Marami na 'kong pabrikang napuntahan
A G#m
At marami pa akong inaaplayan
A B C#m-G#m
Daming walang trabahong nag-uunahan

**II**

**(1st stanza chords)**
Dahil kulang na kulang ang perang dala
Mabuti na lang ako'y tinanggap nila
Ngunit problema ay kontraktwal pala

**Koro**

**A** **G#m**
Pagsapit ng five months ako ay tatanggalin
**G#m** **G#m**
Marami na naman problemang haharapin
**A** **B** **C#m-G#m**
At ang huli kong sweldo'y bitin na bitin

**III**
**(1st stanza chords)**
Bawal magreklamo o magbuo ng unyon
At pag iyong nilabag ang kanilang kondisyon
Sadyang mapapaaga ang 'yong bakasyon

**IV**
**(1st stanza chords)**
Ang sabi ng gubyerno magsumikap kayo
Upang umasenso ang buhay ninyo
Ang payo niya sa atin: mag-kontraktwal kayo
**(ulitin ang koro, III at IV)**

**C#m-G#m** **C#m-G#m**
Payag ba kayo... Magkontraktwal kayo
**C#m**
Payag ba kayo?



## AKO'Y MAGSASAKA

**(Intro: Am-E-Am-E-E7)**

**Am** **E** **Am**
Ako'y magsasakang isinilang sa dilim
**A7** **Dm**
Masuyong hinaplos ng simoy ng hangin
**E** **Am**
Aruga ng ina sa gitna ng parang
**E** **E7** **Am-E**
Walang mamanahin kundi kahirapan

Ako'y magsasakang lumaki sa pag-ugit
Pagbungkal ng lupa't pagtanim sa bukid
Inukol ang dunong sa kaingin at linang
Pawis kong ginugol kapaki-pakinabang

Ako'y magsasakang may hangad lumaya
Sa kamay ng mga panginoong maylupa
Yaman na nagmula sa aking palayan
Sa kanya napunta sa akin ay putikan

Ako'y magsasakang handang makihamok
Matatag ang tindig matalas ang gulok
Ang bawat katagang manggaling sa akin
Ay taga sa dibdib ng mapang-alipin

# MANONG PAWIKAN

**Intro: G-C (2x)**


**I**

**G**
Manong, manong pawikan
**C G**
Tahanan ay pasan-pasan
**G**
Wala ba kayong mapaglagyan
**C G**
Sa lupang kinagisnan

**II**
**(1st stanza chords)**
Sa hampas ng alon
Sa agos ng daantaon
Patuloy kayong gumagapang
Yapus-yapos ang putikan

**III**

**G**
Subalit sa laot
**C G**
Laya n'yo'y nadaratnan
**G F**
Lumulutang, sumisisid
**C D**
Sa kailalim-laliman



**Koro 1:**

**Em Bm**
O manong pawikan
**C D**
Ako sana'y turuan n'yo
**Em C**
Kung ano ang paraan
**D G**
Na ang mabigat ay gumagaan

**IV**
**(1st stanza chords)**
Manong, manong pawikan
Tayo ba'y magkaangkan
Ako man may tahanan
Subalit walang mapaglagyan

**V**
**(3rd stanza chords)**
Ang lupang namalayan ko'y
Punung-puno ng bakuran
Na lalong pinatibay
Ng titulo at kasulatan

**Koro II:**
**(Koro 1 chords)**
O manong pawikan
Di ko maintindihan
Ang lupang pinanggalingan ko
Ngayo'y ari-arian

**(ulitin ang Koro 1)**

## MANGGAGAWA / NAGBABAGANG LUPA *(Salimbayan)*

Manggagawa, kayong lumilikha ng yaman ng bansa
Walang bulaklak sa burol ng dukha
(Pulutin mo ng punglo)
Kayong malaon nang iginupo ng dahas
Pawang natabunan ng dugo at luha
(May bahid pa ng dugo, ipahid ang basang tela)
Magkaisa't labanan ang pang-aapi
Sa ilalim ng lupa'y ilugmok ang bangkay
(Sa sumabog niyang puso)
Kahit na libong buhay man ang masawi
Diyan nag-uugat
(Alaala ito ng mga luha)
Walang kailangan kung ang magiging kapalit
Ang tamis ng halaman
(Alaala ng lupa)
Ay ang kalayaang (matagal nang) minimithi

Panahon na, panahon na mga kasama
Ipakita ang lakas ng ating pagkakaisa
Panahon na, panahon na mga kasama
Nang makamtan ng bayan ang tunay na kalayaan

## ERAP 'ROUND THE CLOCK *(Sa tono ng 'Rock Around the Clock')*

**Intro: A-A7**

**I**

**Dm**
Isa, dalawa, tatlo, apat
Makinig kayong lahat
**Gm**
Bukas na ang takilya at
Wala nang kukurap
**A**
Ipasok na ang bida
Erap sa mahirap

Heto na ang lights, camera,
**A7**
action na

**II**

**Dm**
May isang aso na naging Pangulo
**Dm7**
Sa taumbayan siya'y sakit ng ulo
**Gm**
Sa kanyang pangako masa ay ginantso
**Dm**
Magaling tumahol sa sutsot ng amo
**A**
Si Uncle Sam, ang mga Marcos,
**A7** **Dm-A-A7**
pati mga katoto

**III**
**(2nd stanza chords)**
Niratsada ang masa
ng globalisasyon
Si Juan at Maria puno
ng kunsumisyon
Binalak pang baguhin
ang Konstitusyon
Isinubasta sa Kano
ang ating nation
Hi GI Joe, Hi GI Joe
sa VFA ratification

**IV**
**(2nd stanza chords)**
Ang presyo ng langis
talagang nakakainis
Ang tubo ng kartel
hindi nagmimintis
Ang presyo ng bilihin
ay humahagibis
Sahod ng manggagawa
ay tumatalilis
Pyesta na, o pyesta kapag
nag-ulam ka ng dilis

**V**
**(1st stanza chords)**
Isa, dalawa, tatlo
Hawakan ang buhok mo
Sa dami ng iskam
Tiyak ika'y makakalbo
Takpan ang inyong bibig
Baka masuka kayo
**A A A7**
Ayan na ay, ay, ang baho

**VI**
**(2nd stanza chords)**
May iskam sa libro,
trak ng bumbero
Posas ng pulis, pati sa PCSO
Helicopter at granada,
sobrang magpatubo
Pati ang baka tinalo,
casino ni Stanley Ho
Hindi mabilang, di mabilang
ang dami ng kaso

**VII**
**(2nd stanza chords)**
Sa mga kaibigan ni Erap
walang iwanan
Lucio Tan, Danding
at iba pang kawatan
Ang kaban ng bayan
ginawang gatasan
Pati stock exchange
sinuba ni Dante Ang
Sugarol, imoral,
inuumaga sa tomaan

**Adlib:**
**Dm**
Erap sa mahirap (sinungaling!)
**(fade-out)**

## MARTSA NG BAYAN

**Intro: Am-E-Am-E-E7**

**Am E Am**
Manggagawa at magsasaka
**G G7 C**
Kabataan at propesyunal
**Am Em Am**
Mga alagad ng simbahan
**F E**
Kababaiha't negosyanteng makabayan

Tayo na at magkapit-bisig
Tapusin ang daantaong pang-aalipin
Panahon na upang ang ating tinig
Ay marinig sa buong daigdig

Tayo na at magsama-sama
Sa pagdurog sa imperyalista
Tayo na at magkaisa
Lansagin ang pasistang diktadura
**F G C**
Nasa atin ang tunay na lakas
**Am F Am**
Tiyak nasa atin ang bukas
**(ulitin lahat)**
**F C**
Tayo na at magkaisa
**Am F G Am**
Isulong ang pambansang demokrasya

## PANATA SA KALAYAAN

**Intro: (Am - D - C - B7) 2x**

**Em D**
Ang bayan ko ngayon ay naghihikahos
**C B7**
At nagdurusa
**Em D**
Pinagkaitan siya ng laya
**C B7**
Pinaghaharian ng mananakop
**C D**
Nilulupig ng isang pamahalaang mapaniil
**C G**
Na kinakandili ng dayuhan
**C B7**
Hindi ko matanggap ang ganitong kalagayan

**Em C D**
Kaya sa araw na ito, nangangako ako
**G Em**
Na pag-iibayuhin ko
**C D G**
Ang pagkilos at pagpupunyagi





```
      C       D    C         D
Hanggang sa makamit ang kalayaan,
      D7             G
demokrasya at kasarinlan

Em                   C D    Em
Upang tumibay ang panatang ito
 C             Em
Isasanib ko ang aking lakas
   F
Sa di masasagkaang lakas
          E              G-F-E
Ng nakararaming mamamayan

Em           C-D Em
Upang lalong marinig
 C          Em
Ang tinig ng sambayanan
   F
Hindi ako magsasawalang-kibo
      E          G
Makikimi o magtitimpi
   F
Hindi ako mapipigil sa takot
   F                            G
Laging ipagtatanggol ang ating kalayaan
   A      E     F#m
At kasarinlan ng bayan
     A            E                F#m
Ibabalik ang demokrasya sa ating bansa
 A      E     F#m
Ito ang ating panata
       A   E    A
Ang panata sa bayan
```

## WALANG MANG-AALIPIN

```
    G            F
Walang mang-aalipin
          D7
Kung walang paaalipin

G
Karapatan ng bayan
Kalagin ang tanikalang
              F
Hampas ng dayuhan
G
Karapatan ng bayan
Ang magbalikwas at lumaban
G
Karapatan ng bayan
            F            Gm
Kunin ang ninakaw ng dayuhan

  G            Bm
Mga magsasaka
      C           D
Magpalaya ng kapwa
  G            Em
Sarili ninyo ang lupa
 G            Bm
Mga manggagawa
      C           D
Magpalaya ng kapwa
       G          Bm       Em
Nasa inyo ang lakas paggawa
      Am                 D
Pakinabangan ang pinaghirapan

  C        B
Bayang Pilipinas
      Em       Am
Ang sarili'y palayain
    G          Bm  Em
Walang mang-aalipin
         Am    D G G7
Kung walang paaalipin

 C          B
Bayang Pilipinas
      Em        Am
Ang sarili'y palayain
    G          Bm  Em
Walang mang-aalipin
         Am
Kung wala (2x)
         D          G
Kung walang paaalipin
```

## AWIT NG TAGUMPAY

```
    Am     C      F            E
Bangon bayan, tayo'y magwawagi
   Am  C        F          E
Abot tanaw ang bagong araw
   F    G     C          Am
Puso't diwa ng bayang dinusta
   Dm  E     Am         A7
Sumisigaw, hustisya at paglaya
    Dm    G     C           Am
Ng bayang api, walang katarungan
   Dm         Am
Daantaong hawak ng dayuhan

   Dm     F     Bb          A
Sulong bayan, tayo'y magwawagi
   Dm    F    Bb       A
Ating yaman laging ipaglaban
   Bb    C     F          Dm
Lupa, langit, dagat, kabundukan
```

```
   Gm     A      Dm      D7
Nasa kamay ng mga dayuhang
         Gm    C     F         Dm
Mapang-api, ganid, mapagsamantala
  Gm  A      Dm
Kapit-bisig, hindi malulupig.

                   B
Sumulong ka bayan, tayo ngayo'y lalaban
  Am                 Dm          E
Ubod lakas ang tinig, isisigaw ang sulong
 Am     C         F        E
Tibayan ang hanay, gapiin ang kaaway (2x)

Sulong bayan, tayo'y magwawagi
Ipaglaban ating karapatan
Hilaga, timog, silanga't kanluran
Bawat sulok ng bayang nagkakaisang tunay
Ang buong kapuluan
Kapit-bisig, hindi malulupig

Bangon, sulong baya'y magwawagi
Sabay-sabay, sigaw ng tagumpay
Lunsod, baryo, iskwela't pabrika
Ihuhudyat, sigaw ng kalayaan ng bayang
May apoy sa diwa at dibdib
Kapit-bisig hindi malulupig

                   B
Sumulong ka bayan, tayo ngayo'y lalaban
 Am                  Dm          E
Ubod lakas ang tinig isisigaw ang sulong

  Am                 C       E
Ang bayan muna, hindi ang dayuhan
Ang bayan muna, hindi ang iilan
Sumulong ka bayan, tayo ngayo'y lalaban
Sumulong ka bayan, tayo ngayo'y lalaban
```



modyul

# MAIKLING GABAY SA PAGGAWA NG *PAPIER MACHÊ EFFIGY* O *HIGANTES* NA GAWA SA PAPEL

Inilabas ng Komite sa Kultura ng Rehiyong Metro-Manila ang **Maikling Gabay sa Paggawa ng *Papier Machê Effigy* o *Higantes* na Gawa sa Papel** para magsilbing panimulang gabay ng mga kasama sa sama-samang paggawa ng *effigy.*

Ang halimbawa ng *effigy* sa gabay na ito ay isa sa mga simpleng disenyo na maari pang paunlarin batay sa kung paano epektibong maisisimbulo ang mga usaping nais ihatid sa mamamayan. Upang makaangkop sa kalagayan at kakayanan ng mga organisasyon at mga rehiyon, inihanay sa manwal na ito ang mga batayang materyales at ang mga alternatibo rito.

Gayunpaman, tanging sa aktibong partisipasyon sa pakikibaka ng mamamayan at mapanlikhang paraan at karanasang mahahalaw sa proseso ng paglikha, tuluy-tuloy na mapapaunlad ang porma ng *effigy.*



## I. MAIKLING KASAYSAYAN

ANG *EFFIGY* O HIGANTENG TAKA na karaniwang nakikita sa mga mobilisasyon ay maiuugnay sa mga tradisyunal na pormang nagmula pa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ilan sa mga ito ay ang *Piñata* o malutong na papel na hugis hayop na karaniwang pinupukpok na parang palayok kapag may pyesta. Ang *Taka* o likhang papel ay hinulma mula sa inukit na kahoy na may sari-saring disenyo na matatagpuan sa Paete, Laguna. Tinatawag namang *higantes* sa Angono, Rizal. Ito ay matataas at malalaking likhang papel na nakabihis magsasaka at ilustrado na pinagagalaw ng mga tao. Mapapansing laging nakapamaywang ang *higantes* dahil nagsimula ang ganitong tradisyon sa Angono bilang porma ng pagtuligsa ng mga magsasaka sa isang panginoong maylupa.

Mula sa tradisyunal na porma, ibinunga ng paglakas at pagsulong ng rebolusyunaryong kilusang masa ang paghusay at pag-unlad ng kalidad ng *effigy*. Ang mga naglalakihan at makukulay na *effigy* ay higit na naging epektibong porma ng protesta na madalas na nasasaksihan sa mga pagkilos at mobilisasyon sa punong lunsod. Naging midyum ang *effigy* bilang representasyon ng mga isyung kinakaharap ng mamamayan at mga rehimen na pinaghaharian ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang *effigy* ay gumampan ng makabuluhang bahagi sa rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran, hindi lang upang ipakita ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan, inilalarawan nito ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng mamamayan. Ang pagwasak at pagsunog sa *effigy* ay isa sa mga makapangyarihang porma na sumisimbulo sa layunin ng sambayanang Pilipino na wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala.

## II. MGA BATAYANG MATERYALES AT MGA ALTERNATIBO



**Terracotta clay o Luwad** – ito ay isang uri ng putik na pangunahing ginagamit sa paggawa ng paso.

Mga alternatibo: lupa mula sa bahay ng anay o “nuno sa punso,” pulang lupa o lupa mula sa pilapil.




**White Glue -** uri ng pandikit na kalimitang ginagamit sa karton at kahoy.

Alternaribo: *paste* o pandikit mula sa gawgaw.



**Pintura -** *acrylic* o *water-based* na kulay puti, dilaw, pula at asul ( ito ang mga pangunahing kulay na kapag pinaghalu-halo ay makalilikha ng iba pang kulay).
Batay ang dami ng pintura sa sukat ng gagawing *effigy.*


**Acrylic emulsion –** isang uri ng kemikal na ginagamit na pampakintab at pampatingkad ng kulay. Ito rin ang nagsisilbing dagdag na proteksyon ng hinulmang papel.



**Alambre o matigas at matibay na panali.**




**Cling wrap -** manipis na plastik na karaniwang ginagamit na pambalot sa pagkain.
Alternatibo: manipis na plastik na ginagamit sa pamamalengke.



**Craft paper** o uri ng papel na mas makapal ng kaunti sa pambalot ng tinapay.


Mga alternatibo: mga lumang dyaryo, poster at iba pang makapal na uri ng papel.



**Brush na pampintura** kumuha ng kinakailangang sukat at laki ayon sa hinihinging detalye ng hinulmang papel.



**Tela -** maaring maging alternatibo ang katsa o sako. Gupitin at kulayan ayon sa disenyo.





**Kawayan, buho at kahoy** o kahit anong uri ng manipis at magaan na kahoy.

## III. PROSESO

### 1. Paggawa ng molde



**a.** Ihanda ang putik. Durugin at diligan ng tamang dami ng tubig ang lupa (magagawa lamang sa lupa mula sa bahay ng anay o “nuno sa punso,” pulang lupa o lupa mula sa pilapil). Palambutin hanggang sa handa na itong hulmahin.

**b.** Gumawa ng *armature* o pundasyon (maaring gumamit ng balde) na kakapitan ng putik upang hindi bumagsak ang molde sa proseso ng paghuhulma. Nagsisilbing palaman din ito upang mabilis na makuha ang tamang sukat at laki ng molde.




**c.** Simulan ang pagpopondo ng putik sa pundasyon at gumawa ng pinakasimpleng hugis kagaya ng oblong o itlog.



**d.** Kapag naihugis na ang putik ayon sa sukat at laki, maaari nang simulan ang paggawa ng detalye ayon sa ninanais na ekspresyon ng mukha. Umpisahan ang paglalagay ng ilong na nagsisilbing gitnang bahagi ng mukha.



**e.** Isusunod ang mata, bibig, pisngi at noo.



**f.** Huling ilagay ang buhok at tenga. (Paalala: pana-panahong basain ang putik upang mapanatili ang tamang lambot at maiwasang matuyo)



**g.** Pagkatapos maihulma ang molde, kumuha ng *brush* at basain ng tubig. Hagurin ang putik ayon sa korte ng molde upang kuminis.

Ganito rin ang proseso sa iba pang bahagi ng *effigy* na nais gawan ng molde.

**2. Paghuhulma ng papel**




**a.** Ihanda ang plastik, papel at pandkit.

**b.** Gupit-gupitin sa tamang sukat ang plastik ayon sa detalye ng molde.

**c.** Lagyan ng isang patong na plastik ang molde. Tiyaking malagyan ang lahat ng bahagi at nakaayon sa detalye ng molde.





**d.** Punit-punitin ang papel na hindi lalaki sa tatlo (3) hanggang apat (4) na pulgada. Punitin nang mas maliit ang papel depende sa liit ng detalye ng molde.



**e.** Lagyan ng ¼ litro ng tubig ang isang litro ng *glue* at haluing mabuti. Tiyaking laging mas marami ang *glue* sa tubig upang mapanatili ang tamang lapot nito at upang mas mabilis ang pagpapatuyo. (hindi aplekble sa paste o gawgaw)

**f.** Pahiran o isawsaw ang papel sa *glue* at idikit sa molde. Ulit-ulitin ang hakbang na ito hanggang mapatungan ang lahat ng bahagi ng molde. Patuyuin ito nang mabuti.



**g.** Pahiran ng manipis na pintura ang bawat pinatuyong patong ng papel (kahit anong kulay). Magsisilbing tanda ito upang mapag-iba ang magkasunod na patong ng papel. Patuyuin.
Paalala: bago muling magdikit ng papel, tiyaking tuyung-tuyo ang naunang patong.

Ulit-ulitin ang hakbang na ito hanggang makuha ang tamang kapal at tigas ng papel (apat na patong sa minimum).



**h.** Kapag tuyung-tuyo na ang hinulmang papel, pwede nang tanggalin sa molde. Hiwain ang gilid ng tenga, baba at bunbunan hanggang batok.




**i.** Dahan-dahang hugutin ang hinulmang papel mula sa molde.



**j.** Pagdugtungin ang mga hiniwang bahagi ng tatlong patong ng papel. Patuyuin.

**3. Pagkukulay**




**a.** Ihanda ang mga *brush* at pintura.

**b.** Pahiran ng puting pintura ang hinulmang papel upang tumingkad ang susunod na mga kulay na ipapahid. Patuyuin.

**c.** Pintahan ang hinulmang papel ayon sa ninanais na ekspresyon o karakter.

**Color Wheel**





**Ang pula, asul at dilaw ay ang mga primaryang kulay. Pinaghahalo ang mga ito para mabuo naman ang mga sekundaryong kulay.**

**Halimbawa:**

**Pula + Dilaw = Kahel o *Orange***
**Dilaw + Asul = Berde o *Green***
**Asul + Pula = Lila o *Violet***

**Mula naman sa Primarya at Sekundaryong mga kulay, makakalikha ng marami pang kulay.**




**d.** Pahiran ng kulay balat (*skin tone*) o pinaghalong dilaw, pula at puti ang lahat ng bahagi ng mukha.

**e.** Pintahan ang mga malalalim na bahagi ng mukha, kagaya ng mga gilid ng ilong, labi, mata, tenga, panga at iba pa, ng kulay na mas madilim ng kaunti o mas mapula sa kulay balat.

**f.** Pintahan ang matataas na bahagi ng mukha, tulad ng pisngi, ilong, talukap ng mata, noo at iba pa, ng mas maliwanag nang kaunti o kulay balat na dinagdagan ng puti.

**g.** Lagyan ng lilim ang pinakamalalim na bahagi mula sa pinaghalong kulay balat, asul at pula.

**h.** Lagyan naman ng pinakamaliwanag na kulay o puti na may kaunting dilaw ang pinakamataas na bahagi ng pisngi, ilong, talukap ng mata, noo, baba, panga at tenga.

**i.** Tapusin ang pagkukulay sa paglalagay ng mga detalye sa mata, kilay, ilong, labi, ngipin, tenga at noo. Ihuli ang pagkulay ng buhok. Patuyuin.

**j.** Lagyan ang pinintahang mukha ng *acrylic emulsion.*

**4. Paggawa ng katawan**



**a.** Ihanda ang kinayas na kawayan, buho, kahoy, alambre at tela.



**b.** Pumutol ng isang kawayan batay sa ninanais na haba o taas ng katawan at isa pang kawayang ¼ na mas maiksi sa una.




**c.** Ikabit nang pa-krus ang mas maiksing kawayan sa itaas na bahagi ng mahabang kawayan. Ito ang magsisilbing balikat.



**d.** Para naman sa braso, pumutol ng apat na maiiksing piraso ng buho (sukat na aayon sa haba o taas ng katawan).




**e.** Pagdugtungin ang bawat pares ng braso na may tig dadalawang buho sa pamamagitan ng alambre.





**f.** Idugtong ang braso sa balikat.

**g.** Ikabit ang mga kamay at ulo.




**h.** Sa ibabang bahagi naman ng katawan, maglagay ng dalawang kahoy na may sukat na uno por dos por tres (1x2x3) na magsisilbing lalagyan ng strap para mabuhat ang *effigy* na parang bakpak.





**i.** Upang mapagalaw ang mga braso, pumutol ng dalawang buho (ibatay ang haba sa sukat ng kawayan  mula sa dulong baba hanggang sa balikat) at ikabit sa dalawang kamay.



**j.** Bihisan ang katawan ng *effigy* ayon sa ninanais na anyo.

**5. Pagpapagalaw**



Ang partikular na disenyo ng *effigy* na ito ay nangangailangan ng tatlong magpapagalaw na tao. Mahalagang maensayo ng mga magpapagalaw ang koordinasyon ng bawat isa para sa mahusay na balanse at kilos ng *effigy.*

# PASASALAMAT

Malugod na pinasasalamatan ng patnugutan ang lahat ng kasamang buong pusong tumulong na mailabas ang espesyal na isyung ito ng ***Ulos***: ang mga nangalap at namili ng mga akda, nag*lay-out*, nagtiyak na walang maling baybay at tipograpiya sa mga pyesa, nagdisenyo ng pabalat at syempre pa sa mga kasamang nagsulat at nagpaunlak na mailathala ang buo o bahagi ng kanilang mga akda at kina kasamang Carlo Andaya, Raphael Roman, Lena Ibarra at Gregg Mesa para sa mga ilustrasyon. Gayunding pasasalamat kina kasamang Jay Masinag, Ruiz Aragonez at Benji Deguia, mga katuwang sa MMR at sa lahat ng sumuporta para sa ikatatagumpay ng paglalabas ng isyung ito.